


ANG PRESENSYA NG DIYOS NA DI-NAKIKILALA

 Ngayon habang kakaunti pa ang mga tao natin, sisikapin natin na—na bilisan ito, para sa paglabas natin ay magagawa natin, magaganap n'yo ang isang layon na ito, na mapagkilala n'yo ang Presensya ni Jesus Cristo. Kita n'yo? Kung Siya nga'y narito ngayon, haya't, aba, panatag na ang lahat ng bagay. Siya mismo ang gumawa ng Salita. Narito Siya para patotohanan Ito. Pinatunayan Niya na patotohanan Niya Ito. “Sadyang Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Nakita natin na ginawa Niya ito kagabi, nang di nabibigo; Nakikita natin Siya, gabi bawat gabi, at araw bawat araw, at taon bawat taon. Ni minsa'y di pa nangyari na may bagay Siyang inihula, maski kailan pa 'yun, kailan ba 'yun magaganap, sa libo-libong pagkakataon na 'yun, na anupa't nangyari namang talaga nang eksakto hanggang sa pinaka tuldok, sa itinakdang panahon, at tama. Paano 'yun? Ilan po rito ang nalalaman 'yan, at alam ang pagmi-ministryo, at nalalamang totoo talaga 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hayan nga kayo. Ni minsan, maski, kahit gaano pang kaimposible, ay siyanga't nangyayari talaga. Siya ay Diyos! At kung magagawa nating mapagkilala 'yan, ay panghawakan na nang talaga nang mainam!

² At ngayon masyadong napaka ikisi nang panahon natin na makalagi sa dakong ito. Sa palagay ko tatlong gabi na lang, o dalawang gabi na lang at isang araw, pagkatapos ng gabing ito. Sa palagay ko itong Linggo na ng hapon ang pagtatapos na gawain. Sisikapin po natin na matapos nang Linggo ng hapon para ang mga pastor at ang lahat. . . Ayaw naman naming hindi kayo makadalo sa inyong simbahan. Ang hangad lang natin ay makapagdagdag sa iglesya, at makapagbigay sa inyo ng lalong higit na pananampalataya sa Diyos na inyong pinaglingkuran sa inyong simbahan. Kita n'yo? At ayaw naming masasarado na lang ang mga pintuan ng simbahan, sa anong paraan. Hangad namin na makalagi kayo roon, pero heto ngang sinisikap namin na matulungan kayo, na mapalakas pa kayo lalo. Ang rebaybal nga'y hindi ibig sabihin nun ay magdagdag ng iba pa sa iglesya; ang ibig sabihin ng rebaybal ay buhayin pa nang lubos 'yang bagay na taglay-taglay n'yo na; tama po, isang rebaybal.

³ Pinagmamasdan ko isang beses sa tabing-dagat, kung saan umiihip dun noon ang hangin, at talaga namang may paggalaw. Haya't, di po pala sa tabing-dagat, sa—sa Lake Michigan po pala. Nakatayo ako roon at pinagmamasdan ko 'yung mga alon

habang paparating sila, at—at, oh, 'yung dagat nga'y lulukso-lukso, o 'yung tubig po pala'y lulukso-lukso, at—at 'yung mga bangka'y tumataas-baba. At naisip ko, "Anong nangyayari?" Naisip ko, "Aba, nagkakaroon pala ng rebaybal ang lawa." Yun nga 'yun. Lumulukso-lukso ito't gumagalaw-galaw, bakit? May malakas kasing hangin na humahagibis pababa rito. Naisip ko, "Buweno, alam n'yo ba? Wala ni maski isang patak ng tubig dun ngayon na anupa't tahimik na tahimik at di gumagalaw." Ni gapatak na tubig; lahat ay sadyang may pagkilos. "Buweno, ngayon, anong idinudulot ng pagkilos nun dun?" Alam n'yo ba kung anong idinudulot nung pagkilos dun sa tubig? Inaanod po ang lahat ng basura palayo dun, papunta sa pampang.

⁴ Yan po ang kailangan natin ngayon, ang maanod ang lahat ng kawalan ng pananampalataya palayo, sa pampang. Hayaan natin na ang Salita ng Diyos ang mangibabaw sa lahat. Yan po ang kailangan natin, isang rebaybal, at maanod ang lahat ng kawalan ng pananampalataya palayo, at lahat ng panggulo at pamahiin, at ganoong mga bagay. Magsipunta kayo at nang makita n'yo na ang Diyos ay nananatili pa ring Diyos. Yan ang dahilan kung bakit nagdadaos tayo ng mga rebaybal.

⁵ Tulungan nawa tayo ng Panginoon habang pinipili natin ang tekstong ito at binabasa ito para sa gabing ito. Pagpalain nawa ng Diyos ang pagbabasa ng Kanyang Salita, na makikita rito sa San Mateo, sa—sa ika-12 kabanata, ika-38 at hanggang sa ika-42 talata.

⁶ At ang teksto ko sa gabing ito ay: *Ang Presensya Ng Diyos Na Di-Nakikilala*. Kagabi ay pinag-uusapan natin ang tungkol kay Jesus na siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, at nakita natin na talagang Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ngayon ang Kanyang Presensya, yamang Siya'y nananatiling siya pa rin, ay di-nakikilala. Basahin natin.

Nang magkagayo'y sa kaniya ang ilan sa mga eskriba at sa mga Fariseo, na nangagsasabi, Guro, ibig namin makakita ng isang tanda sa iyo.

Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi sa kanila, Isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng isang tanda; at hindi siya bibigyan ng anomang tanda, kundi ng tanda ng propeta Jonas:

Sapagka't kung paanong si Jonas ay napasa tiyan ng isang balyena na tatlong araw at tatlong gabi; ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa na tatlong araw at tatlong gabi ang Anak ng tao.

Magsisitayo sa paghuhukom ang mga tao sa Nineve na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't sila'y nagsipagsisi sa pangangaral ni Jonas; at, narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Jonas.

At magbabangon sa paghuhukom ang reina ng timugan na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't siya'y nanggaling sa mga wakas ng lupa upang pakinggan ang karunungan ni Solomon; at, narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Solomon.

7 Ang di-nakikilalang Presensya! Ano kayang iniisip ng mga taong 'yun? Ang Diyos sa tuwina, ay palaging ganoon sa tuwing dumarating Siya. Nung narito si Jesus sa unang pagkakataon, sinabi Niya, “Inyong—inyong pinapuputi at ginagayakan ang mga pader at mga libingan ng mga propeta, at samantalang kayo naman ang naglagay sa kanila dun.” Kita n'yo, may bagay na nagaganap, at napapalampas lang 'yun. “At inililihim nga ito ng Diyos sa mga mata ng mga pantas at matatalino, at inihahayag ito sa mga sanggol na mapagkilala.” Pinasalamatan ni Jesus ang Ama sa pagpangyari sa bagay na 'yun. Kita n'yo? Dumaan 'yun mismo sa mga tao't di nila 'yun namalayan.

8 Ipagpahalimbawa na lang natin, sa inyo na mga Katoliko rito ngayong gabi, naalala n'yo po ba mga ilang taon na rin ang nakalipas, si Joan of Arc, sa Pransya, 'yung munting binibining 'yun na sadyang . . . Pinangunahan niya 'yung paghihimagsik sa Pransya, pero sadya ngang isa siyang—isa siyang lingkod talaga ni Cristo. Ano ang ginawa sa kanya ng simbahan n'yo? Sinunog siya sa isang tulusan, bilang mangkukulam, dahil nakakakita siya ng mga pangitain at siya'y espirituwal. Haya't sinunog siya ng Iglesya Katolika, bilang mangkukulam, sa tulusan, dahil isa siyang espirituwal at nakakakita ng mga pangitain. Ilang taon lang pagkatapos nun, nalaman nilang ang babaing 'yun ay isa palang banal. Kaya siyempre nangumpisal kayo nang katakot-takot, hinukay n'yo 'yung katawan nung mga paring 'yun na humatol sa kanya't sumunog sa kanya, at itinapon sila sa ilog. Siyempre, hayan nga, nangumpisal kayo nang katakot-takot, sa pamamagitan ng paghukay sa katawan ng mga paring 'yun.

9 Ngayon, dun sa panahon noon ng mga propeta, ano pong nangyari? Ganoon na ganoon din ang ginawa ng mga tao. Hindi nila nakilala ang mga propeta hanggang sa lumipas na lang ang pagdating nung mga propetang 'yun, natapos na ang pagministryo, inilabas na ang mga Hirang, at matapos na sila'y wala na sa eksena ay dun pa lamang napagkilala ng mga tao na may propeta pala sa kalagitnaan nila noon.

10 Si Jesus, naparito Siya sa lupa. Sumasa Kanya ang Ama, ang Diyos. “Ako at ang Aking Ama ay iisa. Ang Aking Ama ay nananahan sa Akin. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa, kundi ang Aking Ama. At kung di Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong sampalatayanan.” Ngayon, kung mapapansin n'yo nung pumarito Siya, halos nasa isang—isang munting bahagi lang ng siyamnapung bahagi ng mundo ang nakakaalam na Siya'y narito pala sa mundo nung panahon

na 'yun, at samantalang Siya ang Tagapagligtas ng mundo. At mangyari ngang hindi napagkilala ng mga tao kung Sino Siya, maski 'yung iglesya o wala nga, halos, hanggang sa maipako na nila Siya, mailibing, at magbangon sa ikatlong araw, bago pa lamang nila nakilala kung Sino pala Siya.

¹¹ Paparito ito at lilisan, at hindi ito makita-kita ng mga tao hanggang sa wala na ito, at, sila, dahil sa hindi ito umaakma sa kanilang teolohiya, hindi ito bumagay sa panahon na 'yun. Kita n'yo, ang nangyayari kasi'y, ang mga tao ay nabubuhay lagi sa silaw ng ibang kapanahunan, sa tuwina.

¹² Ang dahilan kung bakit hindi nila tinanggap si Jesus, ay dahil nabubuhay sila sa silaw ng Kautusan. At nung dumating si Jesus, na hindi naman sinasalungat ang Kautusan, bagkus dumating nga upang tuparin ang Kautusan, buweno, hindi nila matanggap-tanggap Siya dahil ang Mensahe Niya'y di sakto sa pagkaka kredo nila nang mahabang panahon, at ang tawag nga dun ay mga tradisyon. At di nga Siya dumating na nakaayon sa kanilang mga tradisyon. Hindi Niya ginawa ang kanilang mga tradisyon. At kung tutuusin pa nga'y Kanya 'yung binubunggo, at winawasak, at—at gumagawa ng mga bagay na kontra dun, na anupa't iniisip nilang winawasak Niya ang mga iglesya. At di nila Siya matanggap-tanggap dahil sa Mensahe Niya. At ngayon nga'y nalalaman natin na dumating Siya noon nang sakto sa pagkakalinya sa propesiya ng Diyos, pero di nila 'yun nalaman nung panahon na 'yun doon.

¹³ At maaari itong mangyari uli, at wala man lang tayong kamalay-malay dito. Nakikinita ko nga ano kaya kung aktuwal na magpakita Siya ngayong gabi, sadyang magiging salungat ito sa lahat ng mga pinanukala natin sa ating mga tsart, at sa ating mga eskuwelahan at bagay-bagay. Kakaunti lamang ang makakaalam sa nangyayari. Sinabi Niyang magiging ganoon, ang paraan ng Kanyang pagdating.

¹⁴ Ngayon, si Jesus nga noong panahon na 'yun ay kahit pa may pagkakakilanlan batay sa Kasulatan sa pamamagitan ng mga Kasulatan, ang mga Eskriba't mga Fariseo ng panahon na 'yun ay di man lang Siya makila-kilala. Bakit di man lang nila napagkilala, bakit hindi nila 'yun nagawa? Dahil iba kasi ang inakala nila sa bagay na ito. Sa punto ngang 'yun ay sinabi sa kanila ni Jesus, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, dahil iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga ito ang siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin." Kita n'yo? Ngayon dumating nga Siya nang saktong-sakto sa mga Kasulatan. Pero ang inakala ng mga tao sa pagtataya nila na sa pagdating Niya, ay ang Mesiyas nga'y gagawin kung ano 'yung ginawa noon ni Moises, o ginawa noon ni Noe, na gagawa ng daong o ano pang, iba. Pero, ang dahilan kung bakit dumating Siya rito sa paraan na 'yun ng Kanyang pagdating, ay di man lang nakita ng mga tao; sa mga Kasulatan

dahil 'yung mga tradisyon nila, ay di 'yun itinuturo sa kanila; kaya ang mga tao'y naguluhan na di nila tuloy namalayan kung ano na bang nangyayari.

¹⁵ Iniisip ko ano kaya kung mangyari 'yan ngayon? Iniisip ko kung gaanong kaiba ito sa mga itinuro sa atin ng ating mga tradisyon? At maaari nga itong dumating, at dadaan na lang at di natin 'yun mamamalayan hanggang sa makadaan na ito, at tapos na. Sa ganyang paraan nga ito darating.

¹⁶ Alam n'yo ba, nung dumating si Juan Bautista sa eksena, 'yun nga'y naihula na doon-doon pa sa Aklat ng Isaias, nang daan-daang taon na bago pa? Halos walong daang taon, nung ipropesiya 'yun ni Isaias, sa palagay ko, bago ang pagdating ni Cristo. Alam n'yo ba na si Juan ay dumating nang sadyang saktong-sakto sa pagkakasabi ni Isaias kung papaano nga siya darating, at maging 'yung mga alagad ay di 'yun napagkilala? Isang araw nga, sa Mateo 11, nasa bilangguan noon si Juan; at may mga alagad, ilan sa mga alagad ang lumapit para tanungin si Jesus kung Siya na ba talaga ang Isang ito, o—o kailangan pa nilang maghintay ng iba.

¹⁷ Ngayon pansinin n'yo, hindi nga sila binigyan ni Jesus ng aklat na malalaman niya dun kung ano ba dapat ang gagawin niya, kung ano ba dapat ang gagawin niya sa bilangguan, o kung ano ba dapat ang ikilos niya. Sinabi lang Niya, “Manatili kayo at pagmasdan kung anong mangyayari, at magsiparoon kayo para ipakita kay Juan ang mga bagay na nakita ninyong ipinangyari.” Yun na mismo ang katunayan na 'yung... Siya mismo 'yung Salitang 'yun.

¹⁸ At ngayon tandaan n'yo, ang Salita ay palaging dumarating sa isang propeta. Alam nating lahat 'yan. Hindi gumagawa ang Diyos maliban na ipakita Niya muna sa Kanyang mga propeta. Yan ang dahilan kung bakit ang Aklat ng Kapahayagan ni Jesus Cristo ay ang buong kapuspusan ni Cristo na inilagay rito sa harap natin, ang Aklat. Ngayon Siya nga'y magpapatadala ng isa, isang tao na magpapatotoo ng Aklat na ito, maghahayag Nito, magbubukas ng mga Tatak, at iba pa. Pero sa usapin ng lalong higit na kapahayagan ni Cristo, haya't heto na mismo ito na nakilala Rito. Siya ang kapuspusan Nito, ng Kapahayagan. Ngayon pansinin, hindig-hindi nga ito nabibigo kahit kailan, pero dumarating nga ang Salita sa propeta.

¹⁹ Tingnan n'yo roon si Juan na nakatayo sa tubig, inihuhula, ng propeta, na ang Mesiyas ay naroon na mismo sa kalagitnaan nila. Ang sabi niya, “May Isang nakatayo sa gitna n'yo ngayon, na di n'yo nakikilala; kayo'y babautismuhan Niya sa Espiritu Santo at sa Apoy.” Ngayon alalahanin n'yo, Siya'y nakatayo mismo sa kalagitnaan nila, 'yan ang sinasabi ng Biblia, at di nila Iyon napagkilala. Isang araw noong lumalakad na nang papalapit dun si Jesus, nakilala Siya ni Juan, at ang sabi niya,

“Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.” Ngayon masdan, bago pa Siya nakilala ng kahit sino, ay dumating Siya sa propeta. Siya ang Salita. Si Juan ay isang propeta.

²⁰ Naalala ko 'yung matandang Baptist na guro ko ang sabi niya noon sa akin, sabi, “Alam mo ba ang nangyari?” Sabi, “Binautismuhan ni Jesus si Juan.”

Sabi ko, “Sa tingin ko po hindi.”

²¹ Sabi niya, “Totoo, si Juan ay di pa nababautismuhan noon; dumating siya na nangangaral, nagbabautismo, walang kahit sino dun ang karapat-dapat na bautismuhan siya. Kaya si Jesus ang nagbautismo sa kanya.”

Sabi ko, “Di ko lang po alam.”

²² At isang araw sa pagsasaliksik dito, inihayag ng Espiritu Santo na ganito ang nangyari rito, kita n'yo. Masdan, lumusong Siya sa tubig; sabi nung propeta, “Bakit Ka napaparito sa akin? Kinakailangan ko na ako'y Iyong bautismuhan.” Ang sabi ni Jesus, “Payagan mo,” masdan, “dahil ito ang nararapat sa atin (marapat sa atin) na ating ganapin ang buong katuwiran.” Si Juan, yamang isa siyang propeta, nalalaman niya ang Salita! Siya na Hain, ay kinakailangang mahugasan bago maihandog; pagkatapos binautismuhan Siya, binautismuhan Siya ni Juan, dahil, “Nararapat sa atin na ganapin ang buong katuwiran.” Dumating ang Salita sa propeta, sa tubig.

²³ At pagkatapos nung mabautismuhan na Siya, ang mga tao ay ano pa rin. . . At ang Espiritu Santo ay bumaba, di Ito nakita ng lahat. Si Juan ay nakita niya Ito.

²⁴ Ang Anghel ng Panginoon ay maaaring narito po ngayon sa gabing ito, at marahil makikita Ito ng isang tao, at wala nang iba pa.

²⁵ Yung Liwanag na 'yun, 'yung Bituwin na 'yun na dumaan mismo sa ibabaw ng bawat obserbatoryo, kung saan sumunod-sunod ang—ang mga lalaking pantas; ni isang obserbatoryo ay wala man lang kamalay-malay tungkol dun, wala nang iba pa ang nakakita Rito, kahit sino, maliban sa mga lalaking pantas, dahil nakatalaga para sa kanila na makita Ito. Nakita nila Ito. Totoong-totoo Ito sa kanila.

²⁶ Nung ang Liwanag, ang Haliging Apoy, ay mapasubasob si Pablo, sa daan patungong Damasco, napagkilala niya na nasa Presensya siya ng Diyos. Ngayon, itong Hebreong ito hinding-hindi niya tatawagin ang anupamang espiritu na, “Panginoon,” maliban na napagkilala niya na Iyon nga ang siya ring Haliging Apoy na nanguna noon sa kanyang bayan palabas ng ilang. Ang sabi niya, “Panginoon, Sino Ka baga?”

“Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?” Ang sabi Niya, “Ako si Jesus.”

27 Sabi ni Jesus, “Nagbuhat Ako sa Diyos, at Ako’y babalik sa Diyos.” Siya nga yaong Apoy na ’yun na naroon sa nagniningas na kahoy noon, na nanguna kay Moises sa ilang, at Siya nga’y bumalik sa Ganoon.

28 At heto na nga siya, sa kanyang daan patungong Damasco, nasubasob. At ’yung lahat ng mga kalalakihang kasa-kasama niya, ay di man lang nila nakita ang Haliging Apoy na ’yun. At ’yun nga’y ganoon—ganoon na lamang katotoo kay Pablo na anupa’t ang mga mata niya’y nabulag, at kinakailangan siyang akayin patungo sa lansangang ’yun na tinawag na Matuwid, sa Damasco. Nabulag siya.

29 Si Ananias, isang propeta sa dakong ’yun, nakakita ng pangitain, nagpunta’t pinatungan siya ng kamay at natanggap niya ang Espiritu Santo, at nahulog ang mga kaliskis mula sa kanyang mga mata at nakakakita na siyang muli. Ganoon na lamang ’yung katotoo sa kanya na anupa’t nabulag ang mga mata niya, at sa kabila nun ay ni isa sa mga kasamahan niya’y di man lang ’yun namalayan na naroon pala Iyon, para makita sana Iyon.

30 Ganoon—ganoon din ito sa gabing ito! May isa nga riyon na nakaupo na magagawa niyang paratingin ang Diyos sa eksena, samantalang ang iba ay wala man lang kamalay-malay Rito. Mapagkilala ang Diyos!

31 At si Jesus, nung narito Siya noon sa lupa, at buong-buong nang ipinamalas ang tanda na binabanggit ng Biblia na Kanya ngang gagawin, pero di pa rin nila ’yun napagkilala dahil di ’yun angkop sa kanilang tradisyon. Sa panahong ’yun, di nga Siya pumaroon at para gawin ang mga bagay na ginawa noon ni Moises. Siya’y darating at ipapanganak ng isang birhen. At Siya, at ayon nga sa Deuteronomio 18:15, Siya’y magiging isang Propeta. At saktong-saktong ginawa Niya ang mga gawang ito at mga tanda.

32 Ang mga Judio nga’y mapaghanap lagi ng tanda. Itinuro sa kanila na huwag manangan sa mga talumpating intelektuwal; di mo makukuha sa ganoon ang mga Judio. Ang mga Griyego ang tinuruan sa ganoon. Pero hindi sa pamamagitan ng mga talumpating intelektuwal, bagkus sa mga tanda. “Pakitaan Mo kami ng isang tanda.” Ang mga taong ito, ang sabi pa nga ng isa, “Rabi, o Guro, pakitaan Mo kami ng isang tanda.” Gusto nilang makatiyak. At samantalang pinakitaan na Niya sila ng tanda, at naghahangad pa rin sila ng panibago’t ibang tanda, pero tanging ang tanda lamang ng kapanahunang ’yun ang maipapakita Niya.

33 Ganoon din Siya ngayon, itong pagbuhos ng Espiritu Santo ang tanda ng Kanyang pagpapakita maging sa panahong ito, gaya ng ipinangako Niya.

34 Naghahanap sila ng tanda, at samantalang binigyan na Niya sila ng nakabatay sa Kasulatang tanda, pero naghangad pa rin sila ng ibang tanda.

35 Diyan nga sa bagay na 'yan ang dahilan at napakaraming tao ang naguguluhan sa panahon ngayon. Alam n'yo, ang Pag-agaw ay hayang mangyayari na, at isipin n'yo na lang ang nakakalungkot dun! Hayaan n'yong balikan ko rito 'yung tagpo kung saan si Jesus, o . . .

36 Si Juan ay nagpadala ng mga alagad para matingnan si Jesus, kung Siya nga ba talaga ang Mesiyas o hindi. Nung oras na 'yun, nagpamalas Siya ng maraming bagay. Nung pabalik na, 'yung mga alagad, para sabihin kay Juan ang mga bagay na nakita nila, sinabi ni Jesus sa mga nakaupo roon, sabi, "Ano ba ang inilabas ninyo para makita sa ilang? Ano ba ang inilabas ninyo para makita noong nangangaral si Juan? Lumabas ba kayo para makakita ng isang lalaking nararamtan ng maputing damit, at kung anu-ano pa, o—o malalambot na pananamit?" Sabi, "Sila'y nasa . . . sa mga palasyo ng hari. Ang mga taong ito'y naglilibing ng mga patay, at humahalik sa mga sanggol, at nagkakasal sa mga kabataan, at kung anu-ano pang, ganoon. Wala silang alam sa paghawak ng tabak na may dalawang puluhan."

37 Sabi, "Ano bang inilabas ninyo para makita kung gayon, isang tambo na inuuga ng hangin, isang tao, na aalikin siya ng isang grupo ng kaunti pang salapi at siya'y magpupunta agad sa *ganito* sa halip na magpunta sa tawag ng Panginoon? Hindi si Juan! Isang tao na mapapabaling ng iba, sasabihin, 'Bibigyan ka namin nang higit pa kung itatanggi mo *Ito* at tatanggapin ang isang *ito*?' Hindi si Juan!" Sabi Niya, "Ano bang ipinunta ninyo rito para makita kung gayon, isang propeta?" Ang sabi Niya, "Sinasabi ko nga sa inyo, 'lalo pang higit kaysa sa isang propeta.' At kung matatanggap ninyo ito, heto siya na sinasabi ng propeta, 'Narito, sinusugo Ko ang Aking sugo sa unahan Ko, na maghahanda ng daan.'" At 'yun nga ang Malakias 3, ang dakong ginampanan niya.

38 Isang araw tinanong Siya ng mga alagad, ang sabi, "Bakit sinasabi ng mga Eskriba na si Elias ay kinakailangan munang maparito?" Sabi ni Jesus, "Naparito na siya't hindi ninyo ito nalaman," at nalaman nila dun na ang tinutukoy nga'y si Juan Bautista. Yung mga hinirang na mga alagad na 'yun ay di man lang nila nakita kung sino siya. Na siya ang Elias.

39 Ngayon tingnan n'yo po. Alam n'yo, ang—ang Pagparito ng Panginoon ay magiging isang lihim na pagdating. Sinabi Niya, "May dalawa sa isang highaan, at kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa," kapag sa—sa gabi. "Dalawa sa bukid, kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa."

40 Alam n'yo ba, na napakaraming tao ang nawawala araw-araw, sa ibabaw ng mundo, na di man lang nalalaman ng kahit

sino. Isa sa mga araw na ito ay maaari ngang mangyari ito na marahil sasabihin ng mga tao, “Buweno, ibig mo bang sabihin ito na mismo ’yung kapighatian, itong bagay na nasa atin na ngayon? Ang akala ko ba kukunin muna ang Iglesya bago itong kapighatian.” Hindi nila namamalayan at nauunawaan na ang Pag-agaw ay naganap na pala at wala silang kaalam-alam dun; isa kasi itong lihim na pag-alis ng Iglesya.

⁴¹ At, isipin n’yo na lang, ang mga tao nga’y magpapatuloy sa pangangaral, sasabihin nilang naniniwala silang sila’y ligtas, at nagpaparami ng miyembro sa simbahan, at nagpapatayo ng mga simbahan, at patuloy sa mga ginagawa tulad ng ginagawa ng mga tao noon sa kapanahunan ni Noe, at kung anu-ano pa, at di man lang ’yun namalayan; na ang Pag-agaw ay tapos na pala, “nangyari na ito at hindi ninyo nalalaman.” Daan-daang tao ang nawawala sa mundo at walang kaalam-alam ang mga tao kung saan napupunta ang mga taong ito, walang kaalam-alam; may mawawala na lang kung saan, wala na silang balita sa kanila. At ’yun na pala ang Pag-agaw.

⁴² Sinasabi ko nga sa inyo, mga kaibigan, di ibig sabihin na miyembro tayo ng iglesya o parang ganun, haya’t wala ngang maidudulot ’yun sa atin. Mabuti pa’t higpitan mo na ang baluti na ’yan. Mabuti pa’t kunin mo na ’yang buong Salita ng Diyos at panghawakan Ito nang mainam, at bitiwana na ang huwad na pagkilos ng Hollywood na ito sa paligid dito. Nakapasok na ito sa loob ng iglesya, at isa itong kahihyan. Pero ang Hollywood nga’y kumukuti-kutitap, nagniningning masyado ang kinang, at ang iglesya ngayon ay anupa’t sinisikap na maihalintulad sa Hollywood. Si Crito ay wala sa Hollywood. Si Cristo ay nasa indibiduwal. Nagliliwanag ang Hollywood. . . o sumisilaw ang Hollywood, samantalang ang Ebanghelyo’y nagliliwanag sa kababaang-loob. Ang Diyos nga’y wala sa mga naglalakihant kaakit-akit na magagandang lugar at lahat ng mga bagay na ito na nakikita natin. Siya’y dumarating nang may kababaang-loob, sa anyo ng kaamuhan at kahinahunan, lalakad sa ganung paraan.

⁴³ At kung nakikilala mo ang Salita, makikita mo Ito. Ang may mata, para makarinig, “ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya,” kita n’yo ngayon, ngayon sa panahong ito, na may pagkakakilanlan na.

⁴⁴ Ipinakilala Niya nang maayos ang Kanyang Sarili sa mga mananampalataya nung panahong ’yun, sa kanila na hinihintay ito. Tingnan n’yo po si Pedro at si Andres. Tingnan n’yo po si Natanael, walang agam-agam sa kanyang isipan. Tingnan n’yo ’yung babae sa may balon, walang agam-agam sa bagay na ito.

⁴⁵ Pero itong mga Fariseo, mga ilang araw lang bago itong tekstong natin sa gabing ito, nakita nila ang bagay na ginawa Niya, at pagkatapos ay binansagan Siyang “Beelzebub, isang diyablo.”

Naipangyari na ang mga gawa. Kinakailangan nilang sagutin ito sa kanilang kongregasyon, kaya ang bagay lang na magagawa nila ay bansagan itong “masamang espiritu.” Si Beelzebub ay isang diyablo, parang isang manghuhula o parang ganun. At kahit sino’y nalalaman na ang panghuhula ay sa diyablo. At dun nila inihalintulad, samantalang Siya ang Salita na nakakakilala ng lihim ng puso at—at pinatutunayan na Siya ang Propeta na ’yun na ibabangon sa atin sa kapanahunang ito, ang Propetang-Manunubos; at nung gawin Niya ang bagay na ’yun, ’yung iglesya ng panahong ’yun noon ay binansagan Siya na “Beelzebub.”

⁴⁶ Nakita n’yo ba kung ano sila? Ang sabi Niya, “Kayo’y mga bulag, umaakay sa kapwa bulag.” Ayaw nilang magsipasok, at ayaw rin nilang makapasok dun ’yung mga nasasakupan nila.

⁴⁷ Ang dapat nating hangaring gawin ngayon ay alamin ang Katotohanan. Kinakailangan nating alamin ang Katotohanan. Siya pa rin ba’y siya pa rin? Siya ba’y naparito para tuparin ang bagay na ipinangako Niyang tutuparin? Saliksikin n’yo ang mga Kasulatan at alamin n’yo kung ano ba ang dapat Niyang ipangyari sa panahon ngayon.

⁴⁸ Yan ang dahilan kung bakit si John Wesley . . . o si Martin Luther ay di maaaring dalhin sa mensahe ni Wesley; inorganisa kasi nila ito, kaya hanggang dun na lang ito. Hayan ngang heto si Luther, lumabas sa iglesya Katolika, at siya sa kanila . . . Siya ay isang baliw, sa pananaw nila; pero tinaglay nga niya ang mensahe ng pag-aaring ganap, dahil Iyon ang Salita ng Diyos, na ipinangako. Pagkatapos sila, matapos ang kamatayan niya, inorganisa nila ang organisasyong Luther. Pagkatapos anong nangyari, muli na naman itong kumuluntoy.

⁴⁹ At ayon sa Kasulatan kinakailangan na may bumangon na panibagong kapanahunan ng iglesya, at, nung mangyari ito, ang Kapanahunan ng Iglesya ng Filadelfia ay lumitaw, si John Wesley. At ang nangyari, pakanluran lagi ang pagkilos nito. At nung maganap ito, heto nga ang kapanahunan ng iglesya, at pinalitaw si John Wesley, at di ’yun matanggap ng Luther dahil sila’y organisado na sa pag-aaring ganap. Di matanggap ang pagpapaging banal.

⁵⁰ Pagkatapos noong mag-organisa ang mga Wesleyan gaya ng ginawa nila, at umusbong ang maliliit na mga sanga, na nagkagayon nga, dumating na itong Pentecostal na mensahe ng pagpapanauli ng mga kaloob; wala ni isa sa kanila roon ang nakausad man lang, organisado na kasi sila.

⁵¹ Ngayon ang kahabag-habag na nangyari rito, maging ang mga Pentecostal ay nagsipag-organisa rin.

⁵² Pagmasdan n’yo ang kapanahunang ito na kinabubuhayan natin, kung ano ang ipinangako sa panahong ito. Nasaan na tayo? Umusad na tayo paitaas. Umuusad ang Haliging Apoy, at ang mga anak ni Israel ay nagsiusad din kasama ang Haliging

Apoy o kung hindi'y nagsibalikan sila sa Egipto. Kailangan nating umusad kasama ang Salita.

⁵³ At ngayon nagiging tamad na tayo, ang iglesya'y nagiging makasanlibutan na't napakalamig, at 'yung mismong pag-iisip nila'y pinurol na nang husto ng telebisyon, at *We Love Sucy* at kung anu-anong nangungulubot na bagay, at nagpapaiwan na lang sa bahay. Ipinapakita nga n'yan kung saan nakalagak ang puso ng mga tao. At kung sabihin mo sa kanila ang mga bagay na ito, haya't iisipin nilang ikaw pa 'yung baliw. Ano ito? "Mga maibigin sa kalayawan kaysa sa maibigin sa Diyos." Kita n'yo?

⁵⁴ Oh, ang pinaka dakilang kalayawan na maituturing na nalalaman ko, ay ito ngang manalangin hanggang sa aking mapagtanto na ako'y nasa Presensya ng Diyos, at makilala ko ito. Sa tingin ko nga'y ito dapat ang kinasasabikan ng Iglesya, itong Presensya ng Espiritu Santo; ang makita ang Diyos na nangako ng pangakong ito na nakatayo sa kalagitnaan natin, ang maramdaman ang Kanyang Presensya't makita ang Salita Niya, at ang makita Itong pinagtitibay. Sadya ngang makapag bibigay Ito ng pananampalataya, na magpapabunsod sa mga pilay na makalakad, sa mga bulag na makakita, sa mga bingi na makarinig, sa mga pipi na makapagsalita.

⁵⁵ Nakatayo ako noon sa Timog Aprika, kung saan may nasa dalawang daang libong katao ako dun sa karerahan sa Durban, at nung makita ng mga taong 'yun sa isang pagkakataon lang na naganap 'yun nang ganoon, pagkatapos na maipaliwanag 'yun sa kanila, sa medyo mahinahon pa ngang paraan; at nung makita nila ang kahit isang bagay pa lang na naganap, ang bagay na 'yun na ipinahayag, haya't dalawampu't limang libo ang gumaling agad-agad nang isang minsanan. Nagdala sila dun ng pitong van na punung-puno, mga truck na kasing haba nito mula *rito*, de anim- at de labingwalong-gulong na parang ganun, at itinambak nila roon ang mga lumang saklay at iba pang bagay. Mga katutubo, na di man lang nila alam kung alin ang kanan sa kaliwang kamay.

⁵⁶ At nung sumunod na araw, si G. Sidney Smith, na alkalde ng Durban, tinawagan niya ako't ang sabi, "Magpunta ka dali sa bintana mo, na nakaharap sa Indian Ocean, makakakita ka roon ng isang bagay na di mo pa nakikita." At hayun nga 'yung escort na mga pulis na paparating hatid-hatid 'yung pito sa punung-punong van na 'yun, at sa likod ay daan-daang katao ang naglalakad, na nung isang araw lang ay nakaratay sa mga stretcher at banig at duyang dala-dala nila noon, umaawit ng, "Manampalataya lamang, lahat ng bagay ay maipangyayari." Isang linggo bago 'yun, haya't, sila'y nagkakagirian sa isa't isa, may away tribo sila. At pero heto nga silang naglalakad dun, nagkakapit-bisig sa bisig, kamay sa kamay.

57 Bakit? Nakilala nila na ang Diyos ng Langit ay nagpakita sa mismong harapan nila sa anyo ng Kanyang Salita. At tayong mga intelektuwal na Amerikano’y paupo-upo lang. Babangon sila sa Araw ng Paghatol at hahatulan ang henerasyong ito, sa mga bagay na nakita natin.

58 Naalala ko ang isang babae sa Louisville, Kentucky, di pa katagalan, may munting batang karga-karga, naglalakad-lakad siya dun sa maliit na tindahan ng abubot. At may mga nililikot siyang maliliit na bagay, sinusubukang kunin ang atensyon nung bata, at ’yung maliit na bata’y nakatingin lang at tulala. At pagkatapos may kinuhang maliit na kalembang ang babae, basta bagay na dapat ay mapupukaw ang atensyon nung maliit na bata na ganitong kaliit. At pinatunog niya ’yung kalembang, at ’yung munting bata’y nakatingin lang ng direktso’t tulala. At bigla na lang napahiyaw ’yung babae, at natumba, at may ilang tao roon ang napasugod at inalalayan ’yung babae. Sabi nung babae, “Oh, hindi, di puwedeng mangyari ito! Di puwede!”

Sabi, “Anong problema?”

Sabi, “Ang sabi ng doktor ay iigi na ’yung bata.”

Sabi, “Ano bang problema sa bata, ginang?”

59 Sabi, “Buweno, nagkaroon ng sumpong ang bata mga anim na buwan na ang nakakaraan, na paupo-upo lang siya’t tulala. Kahit ano pa, ang gawin para pukawin ang atensyon ng bata, di ko makuha-kuha ang atensyon ng bata, at ito’y paupo-upo lang at tulala. Sinabi sa akin ng doktor na sa palagay niya’y maayos na ang lagay ng bata. At kaya dinala ko rito ang bata, para bumili ng mumunting laruan para kunin ang atensyon ng bata, at di pa rin umubra. Paupo-upo pa rin siya’t nakatulala lang.”

60 Sa ganyan nga papunta ang iglesya! Kinalembang na ng Diyos ang bawat pangako sa Biblia, sa harapan nila. Sa kabila nun ay nakaupo lang tayo’t nakatingin, tulala. “Ano? Pakitaan mo kami ng tanda, kung maaari?” At samantalang nangyayari na ito sa atin sa tuwina, nakapaligid na sa atin. Nasa mismong Presensya na ng Diyos, ang dapat nga sana’y nagliliwanag na ito sa atin. Sa tuwing ang Diyos ay gagawa ng isang pangako, pinaninindigan Niya ang pangakong ’yan. Siyanga, po.

61 Matapos na patunayan nang mainam ni Jesus ang Kanyang tanda ng pagiging-Mesiyas, na Siya yaong Mesiyas na ’yun, ay sa kabila ng lahat ng ’yun, “Pakitaan Mo kami ng tanda.” Kita n’yo, hindi nila napagkilala, samantalang nakatingin na sila mismo sa mga ’yun. Wala nga sa kanila ang manampalataya.

62 “Di ka,” gaya ng sinasabi ng butihing nanay ko na tubong Timugan, “di ka makakapiga ng dugo mula sa isang singkamas, dahil wala namang dugo ’yun.”

63 Sa kabila nun ay di nila Siya nakilala, ganoon na lamang ang pagkabulag nila nang dahil sa kanilang mga kredo at—at—

at kung anu-ano pa, na tinaglay nila nung panahong 'yun. Di nga nila alam ang mga Kasulatan ng pangako, dahil natakpan 'yun ng mga kredo. Natakpan ng kanilang mga kredo't mga tradisyon nung panahon na 'yun ang nababatay sa Kasulatang pangako. Kung sila lamang sana'y tinuruan ayon sa Kasulatan, na 'yun na mismo ang tanda na kalakip ng Mesiyas!

⁶⁴ Ilan po rito ang naniniwalang Siya'y dumating kalakip ang tama Niyang tanda? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oo naman, dumating Siyang tama, dumating Siya ayon sa pangako. Subalit naturuan sila ng kredo, "Naniniwala kami sa *ganito*, at naniniwala kami sa *ganoon*. Lahat naman sila'y naniniwala sa Diyos. Lahat naman sila'y. . ."

⁶⁵ Sa panahon ngayon, tayong mga Amerikano, lalong-lalo na, iniisip natin na tayo'y mapapalampas dahil naglalakihan ang mga itinayo nating mga simbahan, at may magagaling tayong mga pastor at bagay-bagay. Tandaan n'yo, kung ganyan lang, ang Diyos nga'y di matuwid kung papapasukin Niya tayo nang ganoon; dahil, sina Cain at Abel, ang dalawang pinaka unang mananamba sa labas ng Eden, sila'y nagsipagtayo ng altar sa Panginoon, kapwa sila naghandog ng hain, kapwa sila nag-alay ng kaloob, kapwa sila nanalangin, pero ang isa ay tama at ang isa ay mali. Pansinin n'yo, kinakailangan taglay-taglay natin ang Katotohanan, at ang Katotohanan ay ang Salita ng Diyos, sa tuwina. Ngayon ganito rin ito sa panahon ngayon, ang mga tao ay sadyang nabulag na nang husto. Sasabihin nila. . .

Sasabihin ko, "Isa ka bang—isa ka bang Cristiano?"

⁶⁶ "Oh, kaanib ako sa ganito-ganito." Kita n'yo, wala 'yang kinalaman dito. Wala naman po akong laban sa bagay na 'yan, pero hindi po ito ang sinisikap kong ipangusap sa inyo. Umanib lang po kayo sa kahit anong simbahang gusto n'yong aniban. Walang kinalaman dito ang pagkakahero sa inyo.

⁶⁷ Ikinukuwento ko nga sa pastor nitong umaga. Sa Colorado po ay dati akong sumasama sa pagtitipon ng bakahan dun, at iba pa. At dati nga akong nauupo roon, nakapatong 'yung binti ko sa angkasan ng kabayo, nang *paganito*. At ang Troublesome River Hereford Association ay nagpapastol dun sa Troublesome River Valley. Hayan nga't sa pag-akyat mo dun sa ibabaw nung lambak, makikita mo dun 'yung silangan at kanlurang sanga nung ilog. Lahat ng bakahan sa gawing ito *rito* papaakyat, na kabilang sa Asosasyon, ay pinapastol sa kanlurang sanga ng ilog; at—at 'yung grupong kinabibilangan ko, ay sa silangang sanga naman ng ilog nagpapastol. Pagkatapos may pangharang na bakod sila dun para hindi mapadpad 'yung mga baka sa pribadong lupa, at sa kabundukan sa buong tag-init.

⁶⁸ At tinitipon nga namin dun 'yung bakahan, apat o limang iba't ibang hero, walo o sampung iba't ibang hero, sa may ilog, tinitipon namin 'yung bakahan sa tagsibol, dinadala namin sila

dun sa itaas. At pumupuwesto nga ako dun noon, 'yung binti ko'y ipinapatong ko sa perilya nung angkasan, matapos naming tipunin ang lahat ng bakahan, iba't iba ang hero nila't lahat na, pinababalik na namin sila sa pastulan.

⁶⁹ At may rantserong nakapuwesto dun. Binibilang niya 'yung mga baka habang papasok sila. At napansin ko dun na naroon ang iba't ibang klase ng hero. Yung kay G. Grimes ay—ay—ay Diamond Bar 'yung sa kanya, at 'yung dun naman sa unahan namin ay Turkey Track naman 'yung sa kanila, 'yung sa amin ay Old Tripod naman, at iba't ibang hero ang dumadaan dun. Pero hindi pinapansin nung—nung rantsero 'yung pagkakahero. Ang pinapansin niya ay 'yung etiketang tandaan ng dugo na nakakabit sa tainga nila. Walang kahit anong makakapasok sa pastulan, para mapabilang sa asosasyon, kundi baka lang na puro talaga ang lahi, dahil walang makakapasok dun kundi 'yung purong lahing Hereford lang. Kinakailangang makabitan 'yun sa tainga, tandaan ng dugo.

⁷⁰ Ganoon nga rin ito pagdating sa Paghatol. Hindi Niya ako tatanungin kung ako ba'y isa—isa kayang Methodist, Baptist, Presbyterian. Anuman ang pagkakahero ko'y wala 'yung ibig pakahulugan sa Kanya. Di 'yun mahalaga dahil ang mahalaga lang ay kung naipanganak bang muli, naipanganak-sa-Dugong Cristiano sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, 'yun lang ang makakapasok dun. Walang mas bababa ang kalidad dun na makakapasok. Ngayon gusto nating tandaan, tandaan 'yan.

⁷¹ Ngayon, sa tuwing Siya'y di nakikilala, ang kapangyarihan Niya ay la-. . .ay palaging di nahahayag, sa tuwing hindi Siya nakikilala. Kahit gaano pang nariyan na talaga ang Diyos na nakatayo, kinakailangan mo talagang manampalataya. Ganoon po 'yun.

⁷² Katulad nung babaing inaagasan ng dugo. Lahat sila dun na nagsisipagdagsaan, at lahat sila dun na nakatayo, nagsasabi, "Heto na ang Rabi. Ito 'yung Lalaking nag-aangking Propeta. Ito 'yung panatiko," at lahat na ng gaya nun.

⁷³ Pero anong nangyari? Ang munting babaing ito'y inaagasan ng dugo, at nakapakinig siya tungkol sa Lalaking ito. At nung puntahan niya, kahit ano pa ang sinasabi-sabi ng iba, nakilala niya kung Sino Siya. At ang sabi niya, "Kung mahihipo ko lang ang Kanyang damit!" Kita n'yo?

⁷⁴ At nung ang dalisay na totoong pananampalataya na 'yun, sa Diyos, ay naging positibong bagay dun sa babae, ano 'yung pinalabas nun? Pinalabas nun ang Kanyang kapangyarihan na magpapagaling sa babae. Nahipo Siya nun sa paraan na, Siya'y napalinging at sinabi sa babae ang suliraning dinaranas niya, sabi, "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya." Ano po raw ang nagligtas? Pananampalataya!

75 May ibang nakatayo roon na marahil mas malubha pa ang kalagayan sa kanya, pero, kita n'yo, nakilala kasi nung babae ang Kanyang Presensya. Nabatid niya na pagkakataon na niya 'yun.

76 Kung magagawa lang sana natin 'yan ngayong gabi, mga kapatid! Kung magagawa lang sana natin na makilala na Siya ay nagpapakita sa atin sa mga pagtitipong gaya nito, na may isang layunin, 'yun ay, ang mapalabas ang ating mga minimithi sa Kanya, maikalooob sa atin. Pero kinakailangan natin munang makilala ang Kanyang Presensya. At ngayon papaano n'yo makikilala ang Kanyang Presensya, haya't kapag ang Salitang ipinangako para sa kapanahunang *ito* ay nahayag, hindi 'yung Salitang ipinangako noon sa kapanahunan ni Moises, o alin pa mang ibang mga kapanahunan, bagkus itong ipinangako ng Salita para sa kapanahunang *ito*!

77 Ngayon nakita natin na nagpatuloy Siya sa paglalakad. At si Jairo, isang kalugud-lugod na lalaki sa dakong 'yun na ang anak niyang babae'y patay na, siya, siya'y nananampalataya na kung ano ang sabihin Niya ay Katotohanan. Ngayon tandaan, isa po siyang saserdote, at pinagbabawalan niya, dahil mahigpit na ibinibilin dun, "sinuman ang may kaugnayan sa Lalaking ito ay palalaysin sa sinagoga." Buweno, mapalayas man siya o hindi, kumbinsidong-kumbinsido siya na ang Diyos ay naroon talaga kay Cristo, at 'yun na 'yun ang Salita. At anong idinulot nun? Pinalabas nun sa kanya ang kapangyarihang magbuhay na nakay Cristo; amen, binuhay ang batang babaing patay na't, nakahimlay na, dahil nakilala niya na ang Diyos ay naroon kay Cristo, at ang Presensya Niya ay nasa kanyang tahanan.

78 Pero dun sa mismong bayan kung saan Siya lumaki, haya't ang siya ring kapangyarihan na 'yun ay taglay-taglay naman na Niya, dun sa bayan kung saan Siya lumaki, pero hindi Siya nakilala nung mga tao roon. Yung Presensya Niya, sa mga tao roon, ay walang kabuluhan; pinagpalagay pang isang panatiko. "Nasaan ang mga bagay na 'yun? Sinasabi nila sa akin na kaya Mo raw gumawa ng *ganito-at-ganoon*. Patingin nama't gawin Mo ang mga 'yun dito."

79 Hindi ba't naririnig n'yo ngayon 'yan? "Kung totoo . . . Kayo na grupo ng mga pentecostal at kayo na mga taga-riyan, na, naniniwala raw kayo sa Makalangit na pagpapagaling? Heto si *ganito-at-ganoon* dito, sige't patingin naman na pinagagaling n'yo siya."

80 Hayun nga ang siya ring matandang diyablo na 'yun, 'yun na 'yun doon na nagsabi noon, "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, utusan Mo ang mga batong ito na maging tinapay."

81 Hayun nga ang siya ring matandang diyablo na 'yun, nung piringan nito ang Kanyang mga mata, hampasin nila ng kahoy ang ulo Niya, at nagsabi, "Ngayon," pinagpasa-pasahan nila

'yung kahoy, mula sa isa ipinasa sa isa, at nagsabi, “sabihin Mo sa amin kung sino ang humampas sa Iyo, at maniniwala kami sa Iyo kung isa Ka talagang Propeta.” Hindi Niya sinabi. Hindi Siya nagtatanghal sa kung sino na lang. Oo.

⁸² Hayun nga rin 'yun, nung Siya'y maipako na sa krus, ang sabi, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, bumaba Ka mula sa krus at patunayan Mo na Ikaw nga ang Anak ng Diyos.” Magagawa naman Niya 'yun.

⁸³ Di sinasadyang nabigyan Siya ng mga taong 'yun ng pinaka dakilang parangal na maibibigay nila sa Kanya, dun, pero di nila 'yun nalalaman. Sabi nila, “Iniligtas Niya ang iba; Sarili nama'y hindi Niya mailigtas.” Kung iniligtas Niya noon ang Kanyang Sarili, hindi Niya sana nailigtas ang iba. Inialay Niya ang Kanyang Sarili para mailigtas Niya ang iba. Kita n'yo, di nila nakilala ang Presensya ng Diyos. Hayan nga.

⁸⁴ Ngayon naglalabas po ito ng kapangyarihang magpagaling, at ano? Magagawa rin nitong magpalabas ng kapangyarihan na buksan ang inyong mga mata para makilala Siya, o bulagin ang inyong mga mata para hindi n'yo Siya makilala. Ang siya ring nagbubukas ng mga mata ng isa, ay siya ring nagsasara ng mga mata ng di nananampalataya.

⁸⁵ Pero, ang bayan nga, wala nga silang tiwala sa Kanya. Dun sa bahay ng Fariseo, inanyayahan Siya dun; sa bahay ni Simon, na isang Fariseo, at naghanda nga ito ng magarbong hapunan, at 'yung Fariseo'y gusto lang nitong patunayan sa mga dumalo na hindi Siya Propeta. Kaya hayun nga ito sa likod binibigyang pugay ang iba gamit ang mga baso nito't mga kopita, at lahat na ng maiinam na pabango sa loob ng bahay.

⁸⁶ At si Jesus ay di man lang napansin nung tagahugas ng paa, at naupo na lang sa isang sulok. At, nanggigitata, 'yung amoy ng—ng bukid ay kumapit na sa Kanya, doon sa daan kung saan nagsidaan din ang mga hayop, at kumapit sa Kanyang damit. Yun ang dahilan kung bakit naghuhugasan ng mga paa nung panahong 'yun.

⁸⁷ At, makikita n'yo nga, ang unang-unang bagay, kapag ikaw ay naimbitahan sa—sa isang tahanan noon sa Palestina, noong panahon na 'yun na ang suot lang nila sa daan ay sandalyas, ang unang-unang bagay na gagawin nila ay hugasan ang iyong paa, at pagkatapos may ibibigay sila sa iyong panyapak; para makapaglakad ka sa kanilang mga carpet, na mga mamahaling alpombra na galing Persia't iba pang bagay, na kay gaganda.

⁸⁸ Pagkatapos nun ang susunod nilang gagawin, lalagyan ka nila ng langis sa kamay. Kinakatas nila 'yun mula sa maliliit na mansanas na makikita sa malalayong kabundukan, mansanas de rosas. Pagkatapos na malanta nung rosas, matitira na lang 'yung mansanas at maiinam na pabango. At ipapahid nila—nila 'yun sa kanilang mukha. At 'yung direktang sikat kasi ng araw sa

Palestina ay masyadong matindi, at, kita n'yo, mag-aamoy araw ka talaga. At—at pagkatapos mong maipahid 'yun, hayan ang may-ari ng bahay na magpupunta sa pintuan at hahagkan niya sa leeg ang mga bisita at malugod silang tatanggapin.

⁸⁹ Paano nagawa nung mga tagahugas ng paa na palampasin si Jesus, nang di man lang nahuhugasan ang Kanyang mga paa o—o—o kahit nabigyan lang sana Siya ng langis para maipahid sa Kanyang Sarili, o marahil nahagkan man lang sana Siya bilang tanda ng malugod na pagtanggap?

⁹⁰ Pero may munting patutot sa labas sa lansangan. Lahat sila dun sa loob ng bahay ay mga relihiyoso, ang lahat ng naroon ay di man lang Siya kinilala. At 'yung munting babaing 'yun na masama ang reputasyon, sumilip siya, marahil sa pintuan sa labas, at nakita niya Siya na nakaupo lang dun na animo'y di pansining bulaklak sa may dingding.

⁹¹ Ganyan din Siya ngayon sa grupo ng mga relihiyon, isang di pansining bulaklak sa may dingding, di man lang tinanggap nang malugod, di kinalugdan. “Marungis, nanggigitata, holy-roller,” 'yan ang tawag nila Rito, “para bang isang—isang taong wala sa katinuan ang pag-iisip; isang manghuhula, nagbabasa ng isip,” o ano pang masamang pangalan na maibabansag.

⁹² At si Jesus, dadako ako riyan nang ilang minuto, ang sabi, “Magsalita ng isang salita laban sa Anak ng tao, ipapatawad ito sa inyo; ngunit pagparito ng Espiritu Santo na gagawin din ang ganoong bagay, isang salita na laban ay di na kailanman ipapatawad sa inyo.” Kita n'yo?

⁹³ Pero heto nga ang munting babaing ito na nakita niya na nararapat lamang Siyang paglingkuran. At pumasok nang dali-dali 'yung babae, nagpunta siya't may dala-dalang sisidlang alabastro na puno ng langis. Marahil ang ipinambili niya dun ay salaping galing sa pagiging patutot. Pero ano nga ito? Naisip marahil nung babae, “Isa Siyang—isa Siyang Propeta. Heto ngang naalala ko ang isang babaing tulad ko, isang kagaya ko; nabigyan siya ng pagkakataon at nakilala niya Siya, at siya'y pinatawad.” Doon nga sa balon sa Sicar, pinangusap natin ito kagabi. “At kung magagawa ko lamang na makalapit sa Kanya, haya't nakikilala ko nga Siya, paglilingkuran ko Siya. Naroon man ang iba, hindi ko iisipin anuman ang gawin nila. Akin nga Siyang paglilingkuran. Akin nga Siyang kikilalanin na Anak ng Diyos.”

⁹⁴ Tumakbo siya papasok. Nakalapit siya nang mainam sa Kanya, at naramdaman niyang siya'y lipos ng kasalanan. Yan nga ang nararamdaman ng isang makasalalang nagsisisi sa Kanyang Presensya, lipos ng kasalanan!

⁹⁵ At nagsimula nang pumatak ang mga luha, at sinusubukan niyang itago ang mga 'yun. Pumatak ang mga 'yun sa Kanyang mga paa. Papahiran na sana niya Siya ng langis, pero tuluy-

tuloy ang pagpatak ng mga luha sa Kanyang mga paa. At sinimulan niyang pahiran 'yun, at—at tuloy pa rin ang iyak, at—at pinupunasan niya 'yun ng kanyang mga kamay. At—at ang mga paa Niya'y nanggitata na nang husto dahil sa dumi; at—at kung magagawa n'yo lang sana na manampalataya nang ganoon, na kahit kumapit na 'yung amoy ng dumi ng hayop galing sa kalsada, hayop man at tao'y sa iisang kalsada lang kasi dumadaan. At hayun na nga, kumapit na sa Kanya 'yung amoy, nakaupo roon, at ang mga luha ng babae'y pumapatak sa Kanyang mga paa, at sinusubukan nung babaing pahiran 'yun para maalis. At wala siyang tuwalyang pamunas.

⁹⁶ Ano ba ang kagandahan at karangalan ng isang babae? Ang kanyang buhok. Ano bang rason at pinuputulan ng mga babae ang kanilang buhok ngayon. Mali 'yun. Yung babae, kanyang ginamit ang kanyang buhok at hinugasan 'yung. . . Kanyang mga paa, at pinunasan 'yun, ng kanyang—ng kanyang buhok na maganda, pinapawi 'yung amoy na kumapit sa Kanya, mapunta man 'yung amoy sa kanya, dinadala ang Kanyang kadustahan. Oh, grabe! Ganyan nga ang mangyayari kapag nakilala mo kung Sino ang nasa presensya mo. Kita n'yo? Ang mga kapatid nating babae'y kung maaari'y tumayo na sila sa kanilang ulo, para umabot lang dun 'yung buhok nila't magawa nila 'yun. Kaya heto na't hinuhugasan nung babae ang Kanyang mga paa, at pinupunasan 'yun ng kanyang buhok sa mismo niyang ulo, at hinahagkan ang Kanyang mga paa.

⁹⁷ At si matandang Simon nakatayo sa likod, ang sabi, “Huh! Huh!” Oh, nakikinita ko nga na halos bubulalas na siya. Hindi niya nakilala kung Sino Siya. Sabi, “Sinasabi ko na nga ba sa inyo na hindi talaga Siya isang Propeta. Kung Propeta Siya, disin sana'y nakilala Niya kung anong uri ng babae itong nasa harap Niya.”

⁹⁸ Hindi naggalaw ng paa si Jesus. Nakatunghay lamang Siya sa babae. At takot na takot na noon 'yung babae.

⁹⁹ Pagkatapos na matapos na Siya, matapos na nung babae ang paglilingkod niya sa Kanya, bumaling Siya, sabi, “Simon, may sasabihin ako sa iyo. Inanyayahan mo Ako rito. Pinapunta mo Ako rito,” sa madaling sabi, itinatabi lang pala ito sa may manggas. “Ang gusto mo lang ay ipahiya Ako. Ang gusto mo lang ay patunayang hindi Ako 'yung kung sino nga Ako. At ikaw, nung papuntahin mo Ako rito, hindi ba't dapat sana'y hinugasan mo ang mga paa Ko, pero hindi mo ginawa. Dapat sana'y binigyan mo Ako ng langis para maipahid sa Aking ulo, pero hindi mo ginawa. Ni hindi mo nga Ako hinagkan bilang tanda ng malugod na pagtanggap. At ang babaing ito, simula nang naparito Ako, hinugasan niya ng luha niya ang Aking mga paa, at pinunasan ng kanyang—ng kanyang buhok, at walang patid na hinahagkan ang Aking mga paa mula nung pagdating Ko rito. Bagay nga ito na maisusumbat Ko sa iyo, Simon.”

100 Pagkatapos ay bumaling Siya sa babae. Nakikinita ko ang babae na nakatayo roon, at ang malalaki't mapupungay niyang mata'y puno ng dumi, at ang kanyang mukha, at kumapit na sa kanya 'yung grasa at—at alikabok galing sa kalsada, lumipat na sa mukha niya. At sa isip-isip niya, "Ngayon may nagawa kaya akong mali? May nagawa kaya akong mali?"

101 Nagwika Siya, "At sinasabi ko sa babae, ang kanyang 'mga kasalanan na marami, ay ipinapatawad nang lahat. Humayo ka nang payapa."

102 Ano 'yun? Nakilala nung babae. Nakilala nung babae na pagkakataon na niya. Kita n'yo? Kumilos siya. Pinaglingkuran niya Siya. Hindi 'yun ginawa nung mga Fariseo. Nakita 'yun ng babae't nakilala niya ang Kanyang Presensya, at ano ang ibinunsod nun? Paghuhugas. Ano ang inilabas nun sa babae? Kapatawaran. Inilabas sa babae, ang kapatawaran sa kanyang mga kasalanan. Ano pa ang ibinunsod nun? Naglabas din ito ng kapangyarihan ng Diyos, na maipakita sa mga naroon na hindi nananampalataya na isa Siyang Propeta. Batid Niya kung sino siya. Naglabas din ito ng kagalakan at kapangyarihan at Buhay na Walang Hanggan. Naglabas ng ganun.

103 Pero 'yung isang tao roon na nagbunsod na maibaon ang malaki't mabigat na pako sa katangi-tanging mga paa na 'yun, hindi nakilala nung taong ito ang Presensya ng Diyos sa Kanya. Naghangad pa nga ang taong ito na magpakita Siya ng kung anong walang katuturang salamangka sa kanya, mang-aliw.

104 Yan mismo ang kinagigiliwan ng sanlibutan, ngayon, kung anu-anong kaaliwan lang. Hindi nila gusto itong Ebanghelyo. Ang gusto nila ay 'yung maaliw lang sila.

105 At sabi ni Pilato, "Gusto kong humiling ng isang himala mula sa Kanya, o parang ganun. Dalhin n'yo Siya rito." Naroon na mismo sa Presensya ng Diyos, at nagawa pa rin Itong balewalain, dahil (ano?) mas mahalaga sa kanya ang—ang opinyon ng publiko kaysa sa bigyan niya ng halaga 'yung pagkakataon na 'yun na napasa Presensya siya ng Diyos. Ano ang nangyari? Pinatawad ang babae, at napagkalooban ng Walang Hanggang Buhay; pero ang pilatong ito ay nawala sa kanyang pag-iisip at naging baliw, at nagpakamatay sa pamamagitan ng paglunod sa kanyang sarili sa Switzerland.

106 Ngayon, pinahalagahan, mas kinilingan niya ang popular na opinyon nung panahong 'yun, na, "Isa Siyang Beelzebub; Isa lang Siyang huwad-nagkukunwari; wala namang kaaya-aya sa Kanya," ang tao pong ito, ano ang ginawa ng taong ito? Kanya 'yung nawaglit, nawaglit niya ang pagkakataon sana niya sa Presensya ng Diyos. Napatawad na sana siya noon. Ang sabi niya, "Ako'y may kapangyarihan na ipapako Ka sa krus. Ako'y may kapangyarihan na palayain Ka."

107 Ang sabi Niya, “Wala kang kapangyarihan maliban na magmula ito sa Aking Ama.” Dapat ay dun pa lang ay nakilala na niya ito, kung nalalaman lang sana niya ang Kasulatan. At samantalang siya, ay isa pa man ding Judio, dapat ay alam niya 'yun. Pero, nakita n'yo, dahil sa mga tradisyon ay ibang-iba ang naituro sa kanya. Ganyan nga rin ito sa panahon ngayon. Kung naturuan lamang sana siya nang tama! Kung ang taong ito'y nanampalataya lang sana sa sinasabi ng Kasulatan! Pero iniligaw nga siya ng kanyang tradisyon palayo rito.

108 Ganyan na ganyan din ito sa panahon ngayon. Nakikita na mismo ng mga taong ito ang tunay na Ebanghelyo, kung saan ang Espiritu Santo'y dumarating na, at ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos ay nariyang pinalalaya sa pagkakasala ang mga makasalanan at kinakalagan sila, at binabautismuhan sila sa Espiritu Santo, at pinagagaling ang mga maysakit, at nagpapamalas ng mga tanda't mga kababalaghan, at ang mga taong ito'y lalakad palayo, sasabihin, “Ah! Alam mo ba kung anong paniwala rito ng iglesya ko? ‘Wala itong kabuluhan!’” Kita n'yo, nawawaglit n'yo; ibinebenta n'yo ang karapatan n'yo sa pagkapanganay. Panibagong Esau!

109 Napakarami ang nabibigyan ng parehong pagkakataon sa panahon ngayon, na makatayo sa Kanyang Presensya gaya ng naibigay sa kanila noon. At ganoon pa rin, dahil sa popular na opinyon, ay tinatanggihan nila Ito. Ang pagtayo sa Presensya ng Diyos! Iniisip ko nga, kaibigan, ngayong gabi, ano kaya kung tayo na mga Cristiano, sa Kanyang Presensya, at may sakit, ano kaya kung di natin tatanggihan ang pagkakataon na mapagaling sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya? Tayo na mga nagsasabing sumasampalataya sa Kanya, hindi nga natin tunay na nakikilala ang Kanyang Presensya, ang mga bagay na ipinangako Niya sa panahong ito.

110 Pinagtibay ng pangako para sa naturang panahon na 'yun, pinagsalitaan ni Jesus ang henerasyon na 'yun dahil sa di nila pagsampalataya sa tanda Niya ng pagiging Mesiyas. Makikita nga natin dito, pinagsalitaan Niya sila. Sa pagtawag sa Kanya na isang Beelzebub! Gusto nung mga taong 'yun na gawin Niya ang tanda ni Moises, marahil, hawiin ang Dagat na Pula. Gusto nilang gawin Niya ang tanda ni David, bawiin ang luklukan at ang gobyerno. Pero walang Kasulatan ang nagsasabing 'yun ang gagawin Niya. Siya nga'y pumaroon na isang Propeta. Siya nga'y darating, na isang Hari. Pero kinakailangan muna Siyang maging Propeta nung panahon na 'yun, at ginawa Niya 'yung tandang sinabi ng Diyos na gagawin Niya sa naturang panahon na 'yun, at sa kabila nun ay naghangad pa rin ang mga tao roon na gumawa Siya ng tanda na gusto nila. Kita n'yo?

111 At iniisip ko nga kung heto ba tayong nakatingin masyado nang lampasan sa isang bagay na narito na mismo sa tabi lang pala natin. Iniisip ko nga kung magiging ganoon din ito, kung

palalampasin natin ang pagkakataon natin? Tandaan n'yo, ang mga matatandang tipo, hindi nasisira ang mga tipong ito. Ang huling tanda, ayon kay Jesus, ang sabi Niya, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, ay gayon din naman ang mangyayari sa mga araw kapag ang Anak ng tao," hindi Anak ng Diyos hayan nga, "kapag ang Anak ng tao ay mahayag." Tumingin nga kayo rito kung saan nagaganap na ito ngayon! Mga kaibigan, heto ngang may mga bagay ako rito na sasabihin ko sa inyo na hindi tamang sabihin ko sa inyo, pero ikagugulat n'yo ito.

¹¹² Gusto kong tanungin kayo ng isang munting katanungan habang ihihinto muna natin ito saglit, bago tayo magpatuloy sa gawain, nang ilang minuto. Iniisip ko nga kung maaari ko bang tanungin ito sa inyo.

¹¹³ Alam ng lahat na ang sanlibutan, ay nakaposisyon na, na ang lahat ay linyadong-linyado na para sa Kanyang Pagparito, "Mga lindol sa iba't ibang dako; ang buwan ay magbubuga ng mapulang dugo, o mapupulang putik mula sa bulkan sa buong palibot, tatabunan ito," gaya ng sabi ni Jesus na magmatyag sa tanda na 'yan sa huling mga araw; "ang dagat ay uugong, manlulupaypay sa takot ang mga tao, at nakakalitong panahon, kasalatan sa pagitan ng mga bansa."

¹¹⁴ Tingnan n'yo na lamang ang paglaganap ng kabaluktutan ngayon! Tingnan n'yo po ngayon, apatnapung porsiyento ang itinaas sa California, ng mga bakla, naglaho na ang natural na paggiliw.

¹¹⁵ Tingnan n'yo pa . . . Tingnan n'yo ngayon, kung paanong ang mga tao ay nagpapaiwan na lang sa bahay, na ang pakilala nila sa mga sarili nila'y mga Cristiano raw, at nakikinig naman sa mga personalidad na ito na sina Pat Boone, Elvis Presley, Ernie Ford, at lahat ng mga ito na umaawit-awit ng mga himno tuwing Linggo; at tingnan n'yo nga ang mga bagay na ito, pinapanood nila sila na nakikipaghalikan sa mga kababaihan, at kung ano-ano pang bagay dun.

¹¹⁶ Gayong, hindi dapat hinahalikan ng isang lalaki ang isang babae hanggang sa siya'y maikasal sa kanya. Lalaki't babaing glandula 'yan na nagtatagpo. Sabihin na nila ang gusto nilang sabihin dito, pero mali ito. Halos seksuwal na pakikipagniig na ito mismo. Kapag nagdikit ang lalaki't babaing glandula, isa na 'yung seksuwal na pakikipagniig. At ginawa nang . . . Lalaki na nakikipaghalikan sa isa pang lalaki sa labi, dapat ay masuka siya rito, o babae sa kapwa babae. Bakit anong pinagkaiba? Isa na—isa na kasi 'yung seksuwal na pakikipagniig mismo, halos. Tama. Tipo ni Cristo na hinahagkan ang Kanyang Nobya, kita n'yo. Hindi n'yo dapat gawin 'yun.

¹¹⁷ Pero tingnan n'yo nga ngayon, lahat nitong mga pelikula't mga bagay-bagay, at naging isang malaking kalipunan na ng

halikan at yakapan. At kung tutuusin ay isa na itong halos lantarang pakikiapid mismo, sa lahat ng dako, at ang mga tao'y sa sobrang bulag ay di nila ito makita-kita. Tama! Ang lahat ay nasa kondisyon na ng Sodoma, nagkalat sa lahat ng dako ang mga Sodomita, gaya ng sinasabi ng Biblia.

¹¹⁸ Napakaraming bagay, tingnan n'yo nga ito sa mga huling araw na ito, kung ano ang sinabi Niya na magaganap! Tingnan n'yo ang mga pangakong ipinangako Niya, na magaganap sa panahon na ito. At pagkatapos ay suriin n'yo ito, kung ano na bang nangyayari, at tingnan n'yo kung nasaan na tayo ngayon, pagkatapos ay tingnan n'yo kung Siya ba'y nasa Salita pa rin ba Niya o wala.

¹¹⁹ Gusto nilang makita 'yung tanda ni Moises, 'yung tanda ni David. Hindi 'yun ang itinalaga para sa kapanahunan nila; ipinangako 'yun para sa kapanahunan ni Moises at iba pang kapanahunan noon. Ang ipinangako para sa kapanahunang ito ay kinakailangang maganap. Malinaw na ipinakita na Niya ito sa kanila, Kanya pa ngang, sa pamamagitan ng Kasulatan, ay inanyayahan silang saliksikin ang Kasulatan, para makita nila kung ano na bang panahon ang kinabubuhayan nila.

¹²⁰ Ganyan na ganyan mismo ang ginagawa Niya ngayon! Inyong pong saliksikin ang Kasulatan, kayo na mga naniniwala sa Biblia. Ano ba ang dapat na maganap dito bago ang Kanyang Pagparito?

¹²¹ Tingnan n'yo ang sanlibutan, nakaposisyon na; ngayon, ang sanlibutan po ito. Tingnan n'yo naman ang kaiglesyahan, kung nasaan na ito. Tingnan n'yo kung nasaan na ito, "tumalikwas, malahininga, Laodicea, itinaboy sa labas ang Salita." Lahat ay sama-samang tumutugaygay sa napakalaking konsehong ito ng mga kaiglesyahan, ang Pandaigdigang Konseho ng Mga Iglesya, binubuo ang tanda ng hayop; na inihahayag ng Biblia na isang bagay na mali, at lahat ng mga ito, at sa kabila nun ay dire-diretso ang mga Protestante rito, una ang ulo, di nalalaman ang Kasulatan. Tradisyon nila! Oh, hangad kasi nila ang isang—isang—isang makapangyarihang pinuno, at makakamit daw talaga nila ito. Titiyakin nilang makakamit nila ito.

¹²² Kanya namang, tingnan n'yo po, pero heto nga si Jesus na ganap naman nang inihayag ang Sarili kung Sino Siya talaga, at pinatunayan na mismo sa kanila kung Sino Siya, sa Kanyang kapanahunan.

¹²³ At ganyan din ito ngayon! Ngayon tingnan n'yo po, kunin natin 'yung tagpo sa Lucas 17, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma." Tingnan n'yo ang sanlibutan, tingnan n'yo ang kaiglesyahan, nasa kondisyong Sodoma na! Tingnan n'yo po 'yung kinasadlakan ni Lot; nasa labas ang mga lalaking 'yun na nagpupumilit—nagpupumilit makapasok ng pinto, para makuha nila ang mga anghel na naroon, ang mga lalaking ito.

124 Pansinin, tingnan n'yo rito. Palaging may . . . Tingnan n'yo po, si Abraham ay nasa ibabaw noon ng bundok. Wala siya sa Sodoma. Isa itong tipo.

125 Palaging may tatlong uri ng tao sa isang pagtitipong panrelihiyon; mga mananampalataya, mga kunwa-kunwariang mananampalataya, at mga di-mananampalataya. Palagi 'yang tatlo na 'yan! At heto nga sila; naroon ang mga taga-Sodoma na mga di-mananampalataya, ang kunwang mananampalataya na si Lot, at si Abraham ang iglesyang hinirang.

126 Ngayon, masdan n'yo nga 'yung mga mensaherong 'yun nung panahon na 'yun. Dalawang mensahero ang nagpunta sa dakong 'yun at nangaral sa Sodoma. Hindi sila nagpamalas dun ng mga himala, 'yun lang pambubulag sa mga tao roon. Ganoon kasi ang ginagawa ng pangangaral ng Salita.

127 Pero masdan n'yo nga itong uri ng himala na ipinamalas ng Anghel na 'yun na nanatili kay Abraham. Nakatalikod Siya. At sinabi kay Abraham na ang kanyang pangalan ay nabago na; tinawag na siyang "Abraham" sa halip na Abram. Hindi nga siya magkakaroon ng anak hanggang sa baguhin muna ang pangalan niya, at ganun din si Sarah. Sinabi Niya sa kanila kung ano ang pangalan nila. Sinabi 'yun sa kanila ng Anghel. At sinabi Niya na dadalawin Niya si Sarah ayon sa itinakdang panahon ng buhay.

128 At tinawanan ni Sarah ang tungkol dun. At nung magtawa si Sarah . . . Yung Lalaking 'yun na di nakaharap at nakatalikod ang likod Niya, 'yung Lalaking 'yun na kumain ng karne ng guyang baka, at uminom ng gatas mula sa baka, at kumain ng tinapay; 'yung Lalaking 'yun, na puno ng alikabok ang damit Niya, isang manlalakbay, 'yun ang Diyos Mismo. At nakilala ni Abraham 'yun dahil nagawa Nitong matalos ang kaisipan na naroon sa puso ni Sarah sa likuran Nito. Sabi, "Bakit sinasabi ni Sarah sa kanyang sarili, 'Paano mangyayari ang mga bagay na ito?' May anumang bagay ba na napakahirap sa Diyos?" Kita n'yo? At dagling lumabas si Sarah at itinanggi 'yun. Ang sabi Niya, "Siyanga, ginawa mo talaga." Ngayon, maaari nga Niyang kunin ang buhay ni Sarah sa mismong oras na 'yun, dahil sa kanyang di pagsampalataya, pero, kita n'yo, siya nga'y bahagi ni Abraham.

129 At itong di rin natin pagsampalataya sa Kanyang dakilang kahayagan sa oras na ito; tayo nga'y bahagi ni Cristo. Kanya ngang, kita n'yo, tayo'y—tayo'y, kita n'yo, ang ating . . . Kanya—Kanya 'yung tutuparin.

130 Ngayon, pansinin, wala pang ganito na nangyari sa buong kasaysayan ng kapanahunan ng iglesya . . . At may kilala nga akong isang mahusay na mag-aaral na nakakausap ko sa bagay na ito, isang mananalaysay ng kasaysayan. Hindi pa nagkaroon ng ganito kahit kailan. Hinihiling ko po sa bawat mag-aaral ng Biblia kung may mababanggit ba sila sa akin na isang taong

isinugo sa kapanahunan ng iglesya, sa naturang iglesya mula pa noong maipako si Cristo sa krus, na may pandaigdigang pagmi-ministeryo, na ang pangalan niya'y nagtatapos sa h-a-m, gaya ng A-b-r-a-h-a-m, kundi ngayon lang. Sankey, Finney, Moody, Knox, Calvin; pero nagkaroon na ba ng G-r-a-h-a-m kahit kailan noon, Billy Graham, isang dakilang ebanghelista na naroon sa mga denominasyon na nasa Sodoma? Wala pa. May isa ring Oral Roberts sa kasalukuyang panahon na naroon sa mga Pentecostal, na ganoon din. Alam n'yo po ba 'yan?

¹³¹ Pero, h-a-m! Ngayon, G-r-a-h-a-m ay aanim na letra, pero ang A-b-r-a-h-a-m ay pitong letra. Ang bilang na anim ay bilang ng tao, organisasyon ng tao, itinatag ng tao; pero ang A-b-r-a-h-a-m ay pitong letra. Ngayon pansinin po, sa Iglesyang hinirang na inilabas, hindi po 'yung mga denominasyon, kundi 'yung Hinirang na iglesya na maninindigan, ito rin naman ay may mensahero, rin, sa huling mga araw na ito.

¹³² Ano na ba ang nangyayari dun sa ibaba? Ano naman na ang nangyayari rito sa itaas? Ihambing n'yo po ito sa kung anong sinabi ni Jesus. Wala pang ganito na nangyayari sa kasaysayan na ganito na lamang tayong linyadong-linyado na. At ang siya ring mga tanda na 'yun ay naipangyayari na! Hindi pa ba n'yo napagtatanto, mga kaibigan, at napagkikilala na ito na mismo ang Diyos na bumaba sa Ebanghelyo, sa Kanyang mga hirang, ipinapakilala ang Kanyang Sarili? Hindi n'yo ba nakikilala ang oras na kinabubuhayan natin? Humantong na ba tayo sa kuntento na lang tayo sa pagpalakpak-palakpak ng mga kamay nang kaunti, tutugtug ng piyano, at isasaulo't bibigkasin *ito*, at—at nalalayo sa Salita, hanggang sa ganoon na lamang ang pagkabalag natin dito? Tiyak na hindi. Kilalanin natin ang oras na kinabubuhayan natin.

¹³³ Si Pedro, si Nathan, o si Natanael, po pala, at 'yung babae, kanilang napagkilala ito. Sila, kanilang—kanilang nakilala ang Kanyang tanda, ang tanda ng pagka-Mesiyas.

¹³⁴ Ganoon din ito ngayon sa mga bagay na ito na sinasabi ko. Heto ngang sa kapanahunang ito, ang sabi ni Jesus. . . Ngayon masdan, may tinutukoy Siya rito ngayon, binabanggit sa kanila ang isang kapanahunan. Ang Diyos, sa anumang kapanahunan, sa tuwing magpapadala Siya ng Kanyang Mensahe, ang Salita Niya, at pagkikilanlan Ito sa kapanahunang 'yun; ang mga tao na sasampalataya rito, isa nga 'yung mapagbunying panahon para sa kanila; sa mga tao naman na hindi sasampalataya Rito, sila'y humahantong sa kaguluhan. Ganoon ito sa tuwina.

¹³⁵ Tulad na lang nung panahon ni Jesus, ganoon din. Masdan n'yo Siya sa Kanyang pagkakatayo rito ngayon. Ang sabi Niya, "Kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Jonas, sa Jonas; sapagkat kung papaanong si Jonas ay napasa tiyan ng balyena, tatlong araw at gabi, gayon din naman ang Anak ng tao."

136 Sinabi Niya, “Isang lahing masama at mapangalunya ay maghahanap ng isang tanda.” Ngayon alam n’yo ba kung ano sa palagay ko ang ginagawa Niya rito? Siya’y nagpropropesiya, “Isang lahing masama at mapangalunya.”

137 Iniisip ko nga kung mayroon pa bang tao na nasa kanyang tamang pag-iisip ang maitatangi pa niyang wala raw tayo sa isang marupok at mapangalunyang salinlahi, na heto na mismo ang grabeng kabaklaan, kabaluktutan! At ang porsiyento ng diborsyo sa Amerika’y mas mataas pa kaysa sa anupamang bansa sa buong mundo. At ang buong mundo ay humantong na sa kaguluhang ito. Tatlo sa apat, halos, ang nagdidiborsyo; panibago, hahanap uli ng panibago matapos ang sampung taon na pagsasama. Kita n’yo? Isipin n’yo ’yun! Makikipag diborsyo, mag-aasawa’t mag-aasawa uli, makikipag diborsyo tapos mag-aasawa uli. “Sila’y nagsisikain, nagsisiinom, nagsisipag-asawa at pinag-aasawa.” Tingnan n’yo ang oras na kinabubuhayan natin. Kailan pa ba nangyari ito na ganito nang kagulo talaga?

138 “Isang lahing masama at mapangalunya ay maghahanap ng isang tanda, pansinin n’yo, at sila’y makatatanggap ng isang tanda.” Ano? Itong lahing ito. “Sapagkat kung papaanong si Jonas ay napasa tiyan ng balyena, tatlong araw at gabi, ang Anak ng tao ay mapapasa ilalim ng lupa tatlong araw at gabi.” Anong tanda ang tatanggapin ng masama’t mapangalunyang lahing ito? Ang tanda ng pagkabuhay na mag-uli.

139 At mapasa hanggang ngayon, matapos ang dalawang libong taon, nakikita pa rin natin si Jesus Cristo sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, nakatayo sa mismong gitna natin, ginagawa ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon at ipinangakong gagawin. “Isang lahing masama at mapangalunya ay mapaghanap ng isang tanda, naghahangad sa tuwina na ‘ipakita Mo ito sa akin, at kung magagawa Mo lang sana ang ganito at magagawa ang ganito.’ Makakamit nila ito, itong tanda ng pagkabuhay na mag-uli.” Siya ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman; ang Salita ay nahayag, nananahan sa gitna natin. Nararapat lamang na pasalamat natin ang Diyos para sa makapangyarihan Niyang tanda na ito!

140 Pansinin may tinukoy pa Siya ritong isa pa. Sabi Niya, “At kung paanong magbabangon ang reyna ng timugan,” ang reyna po ng Sheba. Pakinggan n’yo pong maigi ngayon.

Magbabangon sa paghuhukom ang reina ng timugan na kasama ng lahing ito, at ito’y hahatulan: sapagka’t siya’y nanggaling sa mga wakas ng lupa upang pakinggan ang karunungan ni Solomon; at, narito, dito’y may isang lalong dakila kay sa kay Solomon.

141 Pansinin, pagtuunan natin ng pansin ang bagay na ito, nang ilang minuto. Haya’t binabasa Niya ang siya ring Biblia na binabasa natin, tungkol kay Jonas, at heto ring binabasa

Niya ang tungkol kay Solomon. Ngayon, nung dumating noon ang kapanahunan ni Solomon, siya nga'y... siya nga'y may kaloob ng espirituwal na pagkilala. At lahat ng mga tao, ang buong bansa, ay sumasampalataya rito. Ang lahat ay may nagkakaisang puso at nagkakasundo. Sumasampalataya ang lahat.

¹⁴² Kung ang lahat, ngayong gabi, kung ang buong Amerika, ay manunumbalik lamang sa Diyos at sasampalataya sa Diyos, 'yan nga ang pinakamainam na katiyakan na matataglay natin, higit pang katiyakan sa lahat ng kublihan sa pambobomba at lahat ng iba pa.

¹⁴³ Wala roong nanunuya kay Solomon. Takot sila sa kanya dahil isa siyang taong kinalooban sa espirituwal. At naniniwala sa kanya ang mga tao, na siya ay isinugo ng Diyos, na anupa't kanila siyang ginawang hari nila. Lahat ng bansa'y natatakot sa kanila; hindi dahil sa puwersa ng militar nila, kundi dahil ang Diyos ay nasa kanila.

¹⁴⁴ At kung ang bansang ito na nag-aangking Cristiano, kung magagawa lang sana nito, na ang lahat ay maglakip-lakip, hawakang mainam itong dakilang kaloob na ito na ibinigay sa atin sa huling mga araw na ito, itong Espiritu Santo ng Diyos na lumukob sa Iglesya. Hindi kredo. Espiritu ng Diyos! "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, hindi sa pamamagitan ng kalakasan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu," wika ng Diyos. Ang Espiritu Santo, si Jesus Cristo sa anyo ng Espiritu, na nasa atin, "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," ipinangyayari na ang Salitang ito ay mabuhay at ang Kanyang sabihin ay gagawin Nito. Pagmasdan n'yong maigi ngayon.

¹⁴⁵ Oh, kumalat ang balita sa buong mundo! Wala pa sila noong telebisyon at radyo, at ganoong mga bagay nung mga panahon na 'yun, kaya lumaganap lang 'yun sa sabi ng bibig dinig ng tainga. At di naglaon nga'y ang naglalakihang mga karawan ay tumawid ng Disyerto ng Sahara, kung saan inaabot ng tatlong buwan ang paglalakbay mula Palestina papunta sa tinitirhan niya. At ang pananampalataya nga'y nanggagaling sa pamamagitan ng (ano?) pakikinig, pakikinig sa Salita ng Diyos. At siya nga'y nakapakinig tungkol sa dakilang pagtitipon na 'yun na dinadaos nila sa hilaga, at sa tuwing may karawan na manggagaling sa dakong 'yun, magtatanong siya, "Kayo po ba, kayo ba'y nanggaling ng Palestina?"

"Opo."

"Oh, anong masasabi n'yong dun?"

¹⁴⁶ "Oh, ito'y—ito'y higit sa anupamang bagay! Wala ka pang nakikitang ganoong katinding espirituwal na pagkilala. At para ngang diyos na mismo ang nakaupo dun. Ang Diyos nila'y kumakatawan sa isang lalaking nagngangalang Solomon."

147 Buweno, “ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig.” Ang puso ng munting reynang ’yun ay nagsimulang magutom na magpunta sa dakong ’yun at alamin ang tungkol dun. Kita n’yo, siya’y itinalaga sa Buhay.

148 Pansinin n’yo ngayon, ang unang-unang bagay na gagawin ngayon, dahil sa isa siyang pagano, ay kinakailangan niyang humingi muna ng pahintulot mula sa kanyang saserdote, para makapunta. Kaya heto ngang nakikinita ko siya na nagpunta dun sa kanyang saserdote, at nagsabi, “Santo padre, nabalitaan kong may dakilang rebaybal sila dun sa hilaga sa—sa Palestina. Gusto ko pong humingi sana ng pahintulot na makapunta dun at saksihan ko ’yun mismo.”

149 “Ngayon, anak ko, heto nga’t di mo gustong makihalubilo sa ganoong uri ng . . . Kung tutuusin, hindi kasi tayo nakikiisa sa rebaybal na ’yun, kaya di ka—di ka puwedeng pumunta. Kita mo, isa lang ’yung walang kabuluhang bagay. Wala—wala kang mapapala dun. Yung mga taong ’yun ang sinasabi nila’y tumawid daw sila ng Dagat na Pula, at nagawa raw nila ’yung *ganito*, *ganoon*. Walang ganun. Kung may bagay kasing ganun na nagaganap, dapat ay dito mismo sa iglesya natin ’yun sana nagaganap.” Haya’t may mga pagano pa rin tayo.

150 Kaya nakita natin dito na nagsimula siyang magutom. Sabi niya, “Ngayon tingnan n’yo po,” sabi niya, “ibinabalita nila sa akin, na, ‘Ang Diyos nila sa dakong ’yun ay kumakatawan sa isang tao, at ang karunungan ng taong ito ay higit sa anumang bagay. Ang espirituwal na pagkilala niya’y kahanga-hanga.’”

“Oh, walang ganun.”

Sabi niya, “Pero baka puwede kong—puwede kong . . .”

151 “Buweno, tingnan mo, isa kang reyna, hindi ka puwedeng basta na lang makihalubilo sa mga taong ’yun nang ganoon na lang. Iyon, hindi mo puwedeng basta gawin na lang ’yun. Yung mga taong ’yun dun, kilala sa buong mundo na mga panatiko ng relihiyon. Hindi ka puwedeng makihalo na lang dun.”

152 Pero, nakita n’yo, kapag Diyos na mismo ang makikipag-ugnayan sa puso ng tao, wala ngang kahit ano ang makapipigil dito. Asawang lalaki, asawang babae, mga anak, pastor man, wala ngang kahit ano ang makapipigil dito kapag ang isang tao ay tunay na nagugutom para sa Diyos. Pupunta at pupunta sila, ano’t anupaman. Kaya naghanda na siya, para makapaghanda.

153 Buweno, sasabihin nung saserdote, “Buweno, papatawan kita ng . . . Sige’t—sige’t ititiwalag kita sa kapatiran.”

154 “Buweno, sige lang po’t gawin n’yo. Pupunta’t pupunta pa rin ako, anuman ang mangyari. Sasaksihan ko ’yun mismo kung tungkol ba saan ang lahat ng ’yun, at titingnan ko.”

155 At nagdala siya ng mga balumbon ng aklat at binasa niya dun kung ano nga ba dapat si Jehovah, kung anong tungkol sa

Kanyang mga propeta at kung ano ba ang gagawin ng propeta, kung papaano mahahayag ang Salita ng Diyos, kung papaano ba Nito makikilala ang mga bagay na ito kapag inihayag na ito, mailagay sa tabing ng laman ng tao, kung ano bang gagawin nito. At kanya ngang binasa ang lahat ng ito.

Heto ngang nauulinigan ko 'yung saserdote na ang sabi, "Buweno, tingnan mo, *ito* kasi ang sinasabi ng ating aklat," sabi niya.

¹⁵⁶ "Oo, pero tingnan n'yo, ako . . . ang lola ng lola ng lola ko'y tumayo naman noon sa siya ring mga diyus-diyosan dito. Siya nga'y tumayo at umusal ng panalangin, araw bawat araw. Ni isang kilos ay walang naganap, isa mang imik, o ano pa. At ako nga'y pagod na, sa luma't patay na seremonyang ito. Gusto kong magpunta't tingnan mismo kung may buhay na Diyos talaga." Nakakalungkot lang isipin na wala na tayong ganyang karaming mga reyna gayon.

¹⁵⁷ Kaya naghanda na siyang umalis. Ngayon noong dumating sa siya sa punto na siya'y maglalakbay na, ngayon, alalahanin n'yo, siya nga'y nakaranas ng matinding kahirapan. Hindi ganoong kadali 'yun sa iniisip n'yo. Ngayon pansinin n'yo kung gaanong kadelikado ang gagawin niya dun.

¹⁵⁸ Heto nga ang isa pang bagay na gustung-gusto ko, na ayaw kong mapalampas. Nagsabi siya ng ganito, "Pupunta ako roon, at magdadala ako ng salapi. Magdadala ako ng mga kaloob. At kung katotohanan talaga 'yun, susuportahan ko 'yun. Kung hindi naman 'yun katotohanan talaga, kung gayon iuuwi ko uli ang salapi ko."

¹⁵⁹ Itong babaing ito'y may bagay siya na maituturo sa mga Pentecostal. Siyanga, po. Haya't sinusuportahan n'yo ang mga bagay-bagay na kinukutya at nililibak lang itong Makalangit na pagpapagaling, at sa kabila nun ay sinusuportahan n'yo ang mga programang ito sa radyo imbis na mga sarili n'yong mga simbahan, siyanga, at kukutyain at lilibakin ang siyang mga bagay na sinasampalatayanan n'yo.

¹⁶⁰ Pero ang sabi nga niya, "Dadalhin ko ito. At kung di 'yun totoo, maaari kong iuwi na lang uli ito."

¹⁶¹ Ngayon alalahanin n'yo, bitbit ang lahat ng kayamanang 'yun dun, sa likod ng mga kamelyo. At alalahanin n'yo, 'yung matutuling mangangabayo ni Ismael na mga mananambang sa disyerto, ay nasa paligid lang sila. Napakadali para sa kanila na tambangan itong-itong biktima nila, at, aba, baka patayin pa nila ang ilang mga tagapagbantay na kasa-kasama niya, at tangayin ang lahat ng salaping 'yun at tumakas na lang.

¹⁶² Pero may bagay ngang di maipaliwanag dito, na kung ikaw nga'y tunay na determinado talaga, at ang Diyos na mismo ang naghahayag ng Kanyang Sarili sa iyo, na ganoon ka na lamang kadeterminado talaga na makita si Cristo, haya't wala ngang

panga-panganib sa harap mo. Di mo 'yun alintana! Sasabihin marahil ng doktor, mamamatay ka na, hindi mo 'yun alintana. Sa pagpupursigi mo, batid mo nga na may kung anong bagay talaga dun.

¹⁶³ May kung anong bagay sa kanyang puso, na nag-aalab, na pananampalataya sa Diyos na ito! [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . tatlong buwan para bagtasin ang Disyerto ng Sahara. Ni hindi nakasakay sa isang de-aircon na Cadillac. Hindi, hindi. Inabot siya nang tatlong buwan para tawirin ang lawak ng Disyerto ng Sahara, marahil sa gabi naglalakbay, nagbabasa ng mga balumbon ng aklat, sa oasis tuwing umaga, hanggang sa makarating siya.

¹⁶⁴ Ngayon, hindi na nga nakapagtataakang sinabi ni Jesus na ang reynang ito ay tatayo sa huling mga araw at hahatulan ang salinlahing ito, dahil ang mga ito'y ni di man lang makatawid samantalang tawid-kalsada na nga lang; at lalong higit kaysa kay Solomon ang narito ngayon, ang Espiritu Santo Mismo. Kita n'yo? Hindi na nga nakapagtataakang ibabangon siya sa huling mga araw na ito para hatulan ang salinlahing ito!

¹⁶⁵ Masdan, nakarating na siya. Hindi siya dumating na gaya ng maraming tao, na ang mga taong ito'y magpupunta sa isang pagtitipon na wala silang kaalab-alab dun. Dumating siya't hila-hila niya ang mga kamelyo niya, at nagpunta dun sa patyo, itinayo ang kanyang mga tolda, at siya'y mananatili sa dakong 'yun hanggang sa makumbinsi siya.

¹⁶⁶ Marami sa mga tao ang magpupunta lang, makikiupo nang marahil limang minuto, marahil dalawampu't limang minuto. Kapag may nasabi lang ang ebanghelista na isang bagay na kontra sa kung anong iniisip niya—niya na sinasabi ng kanyang kredo, o kanyang, kanyang kredo, labas agad sila. Kita n'yo, kahit paggalang man lang sana. Hindi na nga nakapagtataka na hahatulan ng reynang ito ang salinlahing ito; siya nga'y nagpunta para manatili hanggang sa makumbinsi siya.

¹⁶⁷ Nakikinita ko 'yung unang gawain nung umagang 'yun, nung tumunog na ang lahat ng trumpeta, lumabas si Pastor Solomon. Marahil ang reyna ay nakaupo dun sa pinaka likuran. Sabi niya, "Ngayon sasaksihan ko ito mismo. Alam kong ganun nga sa sinasabi niya si Jehovah. Puwede namang nag-aangkin lang ang lalaking ito, pero titingnan ko pa rin." Kaya naupo siya nung araw na 'yun at tumuon, at nakita niya ang bawat isa na lumalapit dun sa entablado. Nakita niya na ang espirituwal na pagkilalang 'yun ay walang pagkakamali.

¹⁶⁸ Sa wakas, sabihin na lang nating natawag ang kanyang prayer card, na marahil wala pa sila noon dun, pero dumating na 'yung oras niya para humarap kay Solomon. At sinasabi ng Biblia, na, "Noong lumapit siya upang tumayo sa harapan ni Solomon, ipinaalam ng Diyos kay Solomon ang lahat ng mga

lihim niya. Walang kahit anong bagay ang naitago.” Tapos ay nangyari mismo sa kanya ang himala.

¹⁶⁹ Tapos humarap siya sa mga tagapakinig dun, at nagwika siya, “Lahat ng mga bagay na ito na napakinggan ko ay totoo, at higit pa nga kaysa sa narinig ko.” Kita n’yo? Oh, nabunot ang lahat ng buhay sa kanya, ang hininga niya’y nabunot sa pagkamangha, dahil heto ang isang lalaking di siya nakikilala, isang estranghero, inihayag sa kanya ang mga bagay na ninais niyang malaman.

¹⁷⁰ Oh, at samantalang si Jesus na ang nakatayo na noon dun, na lalong higit kaysa kay Solomon! Siya ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan sa laman. Siya ang Anak ng Diyos na ipinanganak ng isang birhen. Lumukob Siya sa Kanya, at si Jehovah Mismo ay nahayag sa laman. At heto na nga Siya na nakatayo roon sa buong kapuspusan, at sinabi ng mga taong ’yun na di sila naniniwala sa Kanya, kahit grabeng higit ’yung pagkilalang espirituwal. Kita n’yo, Siya si Solomong idinagdag si David, idinagdag silang lahat na naroon lahat sa Kanya. Lahat silang mga propeta’y pinagsama-sama sa Kanya, isang lalong dakila kaysa kay Solomon.

¹⁷¹ At nung araw na ’yun hayan nga, ang sabi Niya, “Kung inyong salitain ang mga salitang iyan laban sa Akin, kayo’y patatawarin Ko. Subalit pagparito ng Espiritu Santo, ito’y magiging lalong dakila kaysa ngayon, at higit na kahatulan.”

¹⁷² At heto na tayo ngayon nasasaksihan ang siya ring Diyos na ’yun na ginagawa ang siya ring parehong mga bagay! Ako’y naniniwalang babangon ang reynang ito sa Araw ng Paghatol at hahatulan ang lahing ito, dahil siya’y nagsisi at naniwala sa mensahe na ipinapangaral ni Solomon, at nanampalataya sa Diyos. May tunay na bagay siyang nakita.

¹⁷³ Alam n’yo, kung anong problema sa panahon ngayon, may mga tao, napakaraming tao, na mga taong nakikianib lang at nagpupunta lang ng simbahan at nakatuon sa kredo. Kita n’yo, namalagi lang sila sa lahat nitong kasinungalingan, lahat ng rebultong ito, at lahat ng naglalakihang nagagandahang mga gusali. At—at, tayo, huwag po tayong—huwag po tayong manangan sa ganoong mga bagay na ipagsisiksikan natin. Kita n’yo, ang Diyos ay hindi nananahan sa naglalakihang gusali; sa puso Siya nananahan. Kita n’yo, ang Diyos ay hindi nananahan sa intelektuwal na edukasyon; Siya’y malayo roon. Nananahan Siya sa kababaang-loob, sa inyong puso.

¹⁷⁴ Nananahan Siya sa Kanyang Salita, at ang Kanyang Salita nga’y magpupunta sa inyong puso at isasaysay Nito ang Sarili, at magpapahayag. Ipinapaliwanag Niya ang Kanyang Sariling Salita sa pamamagitan n’yo. Sinisikap Niyang maghanap ng tao na Kanyang mahahawakan, upang ipakita na Siya pa rin ay Diyos. Kita n’yo? At Siya ngang talaga, Kanya ngang gagawin

'yan kung makakakuha lamang Siya ng isang tao na Kanyang mapapangusapan. Kung makakakuha lamang Siya ng isa uling babaing inaagasan ng dugo, mangungusap nga Siya sa siya ring parehong paraan. Magagawa nga Niya ang siya ring bagay na 'yun, na magpapakilala, maghahayag. Nasa Presensya tayo ng Diyos, pero di natin napagkikilala Ito.

¹⁷⁵ May naalala tuloy akong isang kuwento. Marahil ay nasabi ko na ito sa inyo minsan, di ko po alam. May kinalaman ito sa tinatalakay natin ngayon. Gaya ng pagkakaalam n'yo, ako'y—ako'y nangangaso sa kakahuyan. At nandun ako noon sa mga kakahuyan sa hilaga, noong araw ay umaakyat ako dun para makapangaso, sa tuwina. At may kaibigan ako noon sa dakong 'yun na ang pangalan ay Bert Call. Isa siyang mahusay na mangangaso, may pagka-kalahating Indian siya. Hindi ko na nga siya kailangang alalahanin pa, hindi kasi siya maliligaw. At kami nga'y magkaibigang matalik talaga, pero siya na ang pinakamalupit na tao, sa puso, na nakita ko. Wala siyang puso talaga. Kinahiligan niyang mamaril ng maliliit na inakay na usa, maliliit na batang usa po, para pasamain lang ang loob ko. At tapos sasabihin niya, “Oh, mga pusong-manok lang talaga kayong mga mangangaral. Billy, mas gagaling ka pa sana na mangangaso kung di ka lang sana isang mangangaral,” Sabi, “Masyado kang pusong-manok.”

Sabi ko, “Bert, di na pusong-manok ang tawag diyan.”

¹⁷⁶ Ngayon, ayos lang namang mamaril ng batang usa kung pinapayagan naman ng batas. Si Abraham nga'y pumatay ng batang baka para maihai't maipakain sa Diyos. Wala ito sa laki o kasarian nun.

¹⁷⁷ Pero ang kaso nga rito ay 'yung pagiging malupit sa bagay na ito, at siya nga'y basta na lang mamamaril ng mga batang usa at magtatawa lang, magtatawa dahil ang sama-sama ng loob ko sa bagay na 'yun. Buweno, ngayon, kanyang—kanyang ginawa nga 'yun.

¹⁷⁸ At may isang taon na pumunta ako roon. At may naimbento siyang maliit na silbato na kung hihipan niya, parang munting batang usa, na umiiyak, alam n'yo, umiiyak para sa kanyang nanay. At kaya ang sabi niya, “Hey, Billy, bago tayo lumakad ngayong umaga,” sabi, “may gusto akong ipakita muna sa iyo na hawak ko rito.” At ipinakita niya 'yun sa akin.

Sabi ko, “Bert, huwag mong sabihing gagamit ka ng bagay na gaya n'yan.”

¹⁷⁹ Sabi niya, “Oh, umayos ka nga.” At ang lalaking ito ay may mga mata siyang parang ganun sa bayawak, gaya nung sa mga kababaihan ngayon na pinipintahan nila 'yung mata nila, alam n'yo, nang paganoon, parang ganoon. Alam n'yo, pinandilatan niya ako, ng mga mata niyang parang sa bayawak, at 'yung mata, halos matakot ako.

At—at sabi ko, “Bert, huwag mong gawin ’yan.”

Sabi niya, “Oh, mga pusong-manok lang talaga kayong mga mangangaral!”

¹⁸⁰ Kaya kami—kami nga’y . . . Medyo nahuli ako ng dating dun nung panahong ’yun. At itong mga whitetail sa hilaga . . . Yung mule deer n’yo rito, lalakad lang ’yun nang dire-diretso sa inyo, pero hindi ’yung mga usang ’yun. Sa tuwing papuputukan siya, siya nga’y . . . Yang sinasabi-sabi n’yong si Houdini na mahusay sa patakas-takas na ’yan, siya’y baguhang maituturing, dun sa kanila. Kaya medyo huli na noon at ilang beses na rin silang napaputukan. At ang mga usang ’yun ay nagtatago na sa sukal, kumakain sa gabi sa liwanag ng buwan, at nagtatago-tago sa umaga. Nilakad namin hanggang sa marating namin sa tuktok ’yung Jefferson Notch, papaakyat ng Mount Washington. May, nasa anim na pulgada ang taas ng niyebe noon sa lupa, mainam na panahon ’yun para tumunton ng bakas; pero ni isang bakas ay wala kaming nakita.

Sabi niya, “Ano sa palagay mo, Billy?”

¹⁸¹ Sabi ko, “Haya’t natakot n’yo marahil silang lahat dito’t nagsi-alisan tuloy sila, dahil sa mga machine gun na pinaputok n’yo.”

¹⁸² At kaya nagpatuloy na kami. Pagkaraan ng ilang sandali, nung mga bandang alas onse na. Lagi nga kaming may baon-baon na—na maliit na bote ng termos na may lamang mainit na tsokolate. Para ’yun sa baka sakaling masugatan kayo, o ano man, pampagising ’yun ng diwa, at may tinapay din na may palaman. Kaya nung bandang alas onse o alas onse y media, sa palagay ko, dumating kami sa isang puwang dun na kasinglaki ng arena rito, o ng gusali rito, at walang masyadong kahoy dun. Haya’t naupo na siya, isinandal niya ’yung mahabang baril niya sa may puno, may akmanag binubunot siya *rito*. At sa isip-isip ko baka kukunin lang niya ’yung kanyang—kukunin lang niya ’yung bote niya ng termos. Naisip ko, “Buweno, kakain na kami.”

¹⁸³ Kadalasan kasi’y umaakyat kami ng bundok at kakain, at magtutungo ’yung isa sa isang daan at ’yung isa sa kabilang daan, at babalik pagkatapos. At kabisado namin ang pabalik, maigi. At kung may makuha kaming usa, isasabit lang namin ’yun, at tanda namin kung saan ’yun isinabit, pupunta kami’t tutulungan ang isa’t isa para kunin ang mga ’yun. Kaya naisip ko kakain lang siya ng tanghalian niya, at maghihiwalay na kami, dahil halos nakaabot na kami dun sa wala na masyadong punongkahoy. Kaya aking . . .

¹⁸⁴ May binubunot siya sa likod. At minabuti ko na ring kunin ’yung bote ng termos ko, kumuha ng tsokolate, at isinasalin ko na ’yun. At binunot niya ’yung maliit na lumang silbato niya sa bulsa niya, at hinipan niya ’yun nang malakas *nang* paganito. At tumingin siya sa akin na ang mga mata niya’y nandidilat na

parang mata ng bayawak uli, at hinipan 'yung silbato. At nung mahipan na niya, doon lamang sa halos kasing lapit lang nito rito sa gusali, may isang malaking inahing usa ang lumantad.

¹⁸⁵ Ngayon kung may mga kapatiran po tayong babae rito na marahil hindi alam kung ano ang inahing usa, ang inahing usa ay nanay na usa. At, kita n'yo, 'yung silbato na 'yun ay sanggol na usa, at umiyak 'yun, at kaya lumantad ang malaking inahing usang ito. At nasa alas onse 'yun nang umaga, alam ng kahit sinong nangangaso ng usa na isa 'yung di magandang oras para mangaso. Nagtatago sila sa sukal.

¹⁸⁶ Kaya heto na nga't tumayo ito roon at tumingin-tingin sa paligid. Kitang-kita ko nga siyang lantad na lantad. Tumingin ang kasama ko sa akin, at hinipan niya uli 'yung silbato. At imbis na—na tumakbo palayo, lumakad 'yung usa sa lantad.

¹⁸⁷ Ngayon, di po 'yun pangkaraniwan. Di nila ugaling gawin 'yun. Alam 'yan ng kahit sinong mangangaso. At di nga nila, at di nga nila gagawin 'yung ganun. Pero lumakad nga ang usang ito sa lantad. Bakit? Isa kasi siyang nanay; isa 'yung sanggol. Sadya ngang, kita n'yo, sadya ngang ipinanganak na 'yun sa kanya na maging isang ina, at may supling na naroon.

¹⁸⁸ At sinipat na ni Bert, hinila na niya 'yung gabilya, inilinya na niya 'yung trenta-o-sais. At isa nga siyang asintado. At nakita ko siyang pumosisyon na siya nang *paganito*, at alam kong pasasambulatin na niya 'yung tapat na puso nung usa na 'yun at tatagos 'yung bala nang dulo sa dulo, gamit ang siyento otsentang granong, bala na hugis-kabute. At sa isip-isip ko, "Papaanong nagagawa mo ang bagay na ito, Bert? Papaano mong naaatim na maging ganitong kasama, na tatawagin mo ang nanay na usang 'yan sa lantad at babarilin ang puso niya na tatagos sa kanya, at siya'y hinahanap lang naman niya ang kanyang supling? Papaano mo naaatim na maging ganyang kalupit na gagawin mo ang bagay na 'yan?" Iniisip-isip ko nga 'yun noon. At nakita ko na nga siyang iniumang na niya 'yung baril nang *paganito*.

¹⁸⁹ At di ko nga maatim, di ko maatim na tingnan 'yun. Sobra-sobra 'yun sa akin. Sa palagay ko'y pusong-manok lang talaga ako. Tumalikod ako, at naisip ko, "Diyos, paano niya naaatim na gawin 'yun? Papaanong may isang tao na magmamalupit nang ganoon, na gagawin 'yun, na basta na lang babarilin ang kaawa-awa't tapat na puso ng nanay na 'yun na tatagos sa kanya?"

¹⁹⁰ Ngayon, ang usa na 'yun ay di lang nagkukunwari. Hindi siya nagpapanggap lang dun na parang palabas lang niya 'yun. Isa siyang nanay. Nakita niya ang mangangaso na 'yun nung iumang nito ang baril nito, pero tumalilis ba siya? Hindi, po. Ang supling niya ay nasa panganib, at sinisikap lang naman niyang hagilapin ang supling niya.

¹⁹¹ At tumalikod nga ako, gaya ng sabi ko, at nagsimula. Sabi ko, “Panginoong Diyos, papaano niya naaatim na gawin ‘yun?” Inabangan ko, at naghintay, naghintay, pero di pumutok ‘yung baril.

¹⁹² At bumaling ako’t tumingin, at ‘yung baril ay nanginginig nang *paganito*. Hindi niya ‘yun maiumang nang diretso. Tumalikod siya, ‘yung naglalakihang mga mata niyang parang sa bayawak ay nagbago, may mga luhang tumutulo sa kanyang pisngi. Inihagis niya ‘yung baril sa gilid, at sabi niya, “Billy, ayaw ko na nang ganito. Akayin mo ako sa Jesus na ‘yun na ipinapangaral mo.”

¹⁹³ Doon mismo sa gilid na ‘yun sa may niyebe inakay ko siya kay Cristo. Bakit? May bagay na tunay kasi siyang nakita, may bagay siyang nakita na tunay na dalisay. “Kung sila’y di . . . sila ay di iimik, ang mga bato ang sisigaw.” Ang nanay na ‘yun ay di lang nagpapanggap dun ng isang palabas. Isa siyang tunay na nanay. Kahit na kamatayan pa ‘yun, o anupaman, tumindig siya roon sa harap ng kamatayan, na nalalamang sa anumang minuto ay sasambulat ang bala patagos ng kanyang puso, pero siya nga’y naroon para sa kanyang supling.

¹⁹⁴ Oh, kung magagawa lamang natin sana na maging ganoong kasapat na Cristiano kung papaanong ang usa na ‘yun ay isang nanay! Bakit? Ipinanganak kasi siyang isang ina, ipinanganak siya para maging isang ina. Tayo ay ipinanganak naman para sampalatayanan ang Salita ng Diyos. Tayo ay ipinanganak para sampalatayanan si Jesus Cristo.

Iyuko po natin ang ating mga ulo.

¹⁹⁵ Ilan sa mga narito ngayon, na nagtaas ng kanilang kamay, ang makapagsasabi, “Kapatid na Branham, tunay na ninanais kong maging ganoong uri ng Cristiano kung papaanong ang munting nanay na usang ‘yun ay isang nanay. Akin—akin pong ninanais na ang puso ko’y mapuno nang husto na ang laman ay si Cristo na magagawa kong tumindig sa harap ng anumang bagay at maging sadyang tunay na Cristiano kung papaanong ang usa na ‘yun ay isang nanay. Aking, ‘yung ganoong uri ng karanasan ang nais kong taglayin”? Maaari n’yo po bang itaas ang inyong kamay? Pagpalain kayo ng Diyos. Mainam ‘yan. Pagpalain kayo ng Diyos. Napakarami, sa lahat ng dako. Ako’y lubos na nagpapasalamat na may sapat na tunay na bagay pa rin kayo na nariyan sa kaibuturan n’yo na makapagbubunsod sa inyo na manampalataya.

¹⁹⁶ Kita n’yo, ano po kaya kung hindi kayo manampalataya? Hindi po ba’t magiging kalunos-lunos ‘yun na makita ang isang di-manampalataya sa kalagayan na ang kanilang mga puso ay ganoon na lamang katigas na di na sila makasampalataya talaga, nahatulan, napariwara, napalayo, walang kaalam-alam tungkol sa bagay na ito, hindi nalalaman ang oras na kakatok

na ang kamatayan sa may pinto? Kinakailangan n'yong lumipat patungo sa Walang Hanggan.

¹⁹⁷ At sinabi nga ni Jesus, “Maliban na ang tao’y ipanganak na muli,” maging ganoong kasapat na Cristiano kung paanong ang usa na ’yun ay isang nanay, “hindi ninyo makikita ang Diyos; tapos na kayo, kahit gaano pang karaming simbahan ang aniban n’yo.” Nakikipag-usap nga Siya noon sa isang pinuno ng relihiyon nung araw na ’yun, kay Nicodemo, otsenta anyos na lalaki, at sinaysay sa kanya na dapat siyang maipanganak, kinakailangan niyang maging ganoong uri ng Cristiano kung papaanong ang usa na ’yun ay isang nanay roon.

¹⁹⁸ Mayroon pa po bang hindi pa nakakapagtaas ng kamay, na napagkikilala nilang tunay ang Presensya ng Diyos, kilalanin n’yo ito at sabihin, “Alam kong nagkamali ako”? Kapag inyong nakilala na kayo ay nagkamali, nakikilala n’yo ang Presensya ng Diyos.

¹⁹⁹ Pero kapag hindi mo napagkikilala na ikaw nga’y mali, ang sabi ng Biblia, “Ika’y aba.” Sa kapanahunang ito, ang iglesya ay “aba, maralita, dukha, bulag, at hubad, at di ito nalalaman.”

²⁰⁰ Isipin n’yo na lang ang isang lalaki o babae sa lansangan, aba, bulag, dukha, maralita, at hubad, at masasabi mo nga sa kanila na sila’y hubad, at sila’y makikinig sa iyo, pero papaano naman kung sila’y hubad at di nila ’yun paniwalaan? Isa nga ’yung malubhang kalagayan sa pag-iisip!

²⁰¹ Buweno, ngayon, ganoon din ito sa kalagayang espirituwal. Ang mga tao ay espirituwal na bulag, aba, maralita, hubad sa harap ng Diyos, mga makasalanang sinusubukang takpan ang kani-kanilang sarili sa takip ng mga dahon ng igos ng kung anong denominasyon, at di ’yun nalalaman.

²⁰² Maaari n’yo po bang itaas na ang inyong kamay, kung mayroon pa? Pagpalain kayo ng Diyos. Mainam ’yan. Pagpalain kayo ng Panginoon. Bago kayo. . . Marahil isa kayong baguhan dito, na di pa nakikita ang Diyos na gumawa ng isang bagay. Pero bago nga kayo makakita ng anumang bagay, inyo, inyong sabihin nga, “Tinatanggap ko ito sa batayan ng Salita. Batid ko na narito mismo ang isang lalong dakila kaysa kay Solomon; ang dakilang Espiritu Santo na Diyos ay narito mismo. Akin Itong nararamdaman. Akin Itong sinasampalatayanan. Itataas ko ang aking kamay. Isa akong makasalanang; magsusumamo ako para sa kaligtasan.

²⁰³ Makalangit na Ama, Iyo pong pagpalain ang mga narito na nagsipagtaas ng kani-kanilang mga kamay. Hinihiling namin na ang Iyong habag ay maipagkaloob sa mga narito na—na mga makasalanang. Na, marahil kaanib sila sa iglesya. Sila, pero di nga nun ibig sabihin na sila’y hindi makasalanang. At kanilang itinataas ang kanilang mga kamay, ninanais nilang maligtas. Panginoon, may kung anong Bagay sa kanilang tabi. Nakikilala

po nila ang Espiritu Santo na nariyan. At kanilang—kanilang nakikilala na Ito nga ang Diyos, at Ito’y sinasabi sa kanila, na, na sila’y wala pa nitong karanasan na dapat nilang taglayin, at kaya itinataas nila ang kanilang mga kamay.

²⁰⁴ Sinabi Mo, “Ang lumalapit sa Akin, sa anumang paraan ay di Ko itataboy.” At batid ko pong totoo ito. Sinabi Mo, sa San Juan 5:24, “Ang dumirinig sa Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan; di mapapasok sa Paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan. Ang lumalapit sa Akin, ay pagkakalooban Ko siya ng walang hanggang Buhay, ibabangon siya sa huling mga araw.” Iyan nga ang Iyong mga pangako, Ama.

²⁰⁵ Hinihiling ko po ang bawat isa sa kanila. Marahil mga Cristiano rin naman, Panginoon, na nagsusumikap na lumakad sa buhay, nagsusumikap na mamuhay ng mas mabuti, sa bawat araw, at sila’y—sila’y nagnanais ng isang karanasan ng—ng—ng mas mabuting paglakad, kanila ngang itinataas ang kanilang mga kamay, rin. Ama, dalangin ko na Iyo silang pagpapalain. Nawa po’y matagpuan nila ang buong-kasapatan ngayong gabi kay Cristo, ang Salita na nagsalaman sa kalagitnaan namin. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Itinatagubilin ko sila sa Iyo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

²⁰⁶ Pagpalain kayo ng Diyos. At maupo lamang po kayo nang taimtim, kita n’yo, nang ilang saglit; oh, grabe, lumampas na pala ako ng limang minuto sa oras ko. Ipagpaumanhin n’yo po, hindi ko po sinasadya na makapangusap nang mahaba. May sasabihin pa po ako, tiisin po muna natin ito nang ilang saglit, bigyan n’yo po ako ng lima pang minuto kung mamarapatin n’yo.

²⁰⁷ Ilan po ang nakakaalam kung ano ang Diyos? Alam nga natin kung anong sinasabi ng Biblia na kung ano nga Siya, at sinasabi ng Biblia, “Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” At sinabi ni Jesus, sa San Juan sa ika-14 na kabanata, sa ika-12 talata, sabi Niya, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” Hindi po ang mga kunwa-kunwarian lang na sumasampalataya, bagkus, “ang sumasampalataya sa Akin.” Totoo ba ’yun, mga kapatid kong ministro? Totoo po. Ilan po sa mga nagbabasa rito ng Biblia ang nalalamang totoo ’yan? “Ang kalangitan at lupa ay lilipas,” pero ang Kanyang mga Salita ay di mabibigo. Ipinangako Niya ito.

²⁰⁸ Ngayon tunay ngang, hindi maikakaila, na may mga taong maysakit dito sa inyo riyan. Hindi ko po kayo kakilala, kahit kaunti. At upang patunayan itong sinasabi ko kanina, kung papaanong ang Anghel ng Panginoon noong mga araw na ’yun na nagdaan, mga nakaraang panahon, na nagdaan, sinabi nga ni Jesus, “Kung papaano ang nangyari sa panahon ni Lot, ay

gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.” Nakikita n’yo po ba ang sinasabi ko rito, ’yung tungkol sa mga pangalan at lahat na ibang nakaposisyon na, linyadong- linyado na ang iglesya, nakikita n’yo po ba? Ngayon tiyak ko po na nakukuha n’yo ’yung mga ibig kong pakahulugan na nasa pagitan ng mga talata’t iba pa na hindi ko nabanggit, nakikita n’yo itong ibig kong sabihin. Ngayon kung kayo po rito na mga maysakit, na may sakit at nangangailangan, ako’y . . .

²⁰⁹ Ano bang saysay na tatayo pa ako rito? Ano bang saysay na tatayo ako rito, na manlililang lang? Kung ’yan lang pala ang ginagawa ko, mas mabuti pa sigurong ako’y tuluyang . . . ako, di ko na, di ko na nga nanaising mabuhay pa. Ako, mas mabuti pa sigurong mamatay na ako. Ako, mas pipiliin ko na sigurong lumabas at maging iba na lang imbis na maging manlililang. At anong gagawin sa akin ng Diyos? At di ko nga alam kung makalalampas pa akong buhay sa buong magdamag na ito, at ganun din kayo. Pero ang maging isang manlililang, ang gusto nga natin ay . . . Ano bang saysay na maging isang manlililang, kung maaari ka namang maging tunay? Pero, nakita n’yo nga, sadya ngang kakaiba Ito sa inyo.

²¹⁰ Ngayon, tingnan n’yo, kung ipinapahayag ko na ang mga Kasulatang ito ay kailangang maganap, itong mismong binasa ko’t ipinakita sa inyo nitong huling dalawang gabi, kung ano nga si Jesus, kung ano ang Presensya Niya sa panahon ngayon! At Siya nga’y magbabalik talaga sa huling mga araw, alam po natin ’yan, sa pamamagitan ng katawan ng tao, at ipapahayag ang Kanyang Sarili sa ganoon ding paraan. Alam nating lahat ’yan. Tayo ba’y nalalaman na ito? Sabihin n’yo, “amen” kung ganoon nga. [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sige. Ngayon para sa kaaliwan ng inyong damdamin, sinasabi ko po sa inyo, sinasabi ko ito sa inyo, sa Kanyang Pangalan: Siya’y narito, ang siya ring Diyos na bumaba’t nakipag-usap noon kay Abraham, nakatalikod ang likod Niya sa tolda, at si Sarah ay naroon noon sa tolda, na nalalaman Niya ang iniisip nito.

²¹¹ Sinabi Niya na magiging ganoon din ito sa pagparito Niya. Tumingin Siya sa mga nakikinig dun at tinalos ang naroon sa kanilang puso. May isang babae na humipo sa Kanyang damit; tumingin Siya sa paligid hanggang sa makita Niya ang babae, at nagsaysay sa babae.

²¹² Ang bulag na si Bartimeo nahipo ang Kanyang damit, nung sumigaw ito, “Ikaw na Anak ni David, kahabagan Mo ako,” nakatayo nang dalawang daang yarda ang layo kung saan Siya dumaan. Ang pananampalataya ng bulag na ito’y nagpahinto sa Anak ng Diyos, sa daan, at bumaling at nagsabi, “Dalhin n’yo siya rito.”

²¹³ Ang pandak na si Zaqueo doon sa itaas ng punongkahoy, itinago niya ang sarili niya dun, sabi, haya’t di siya naniniwala

na isa Siyang Propeta, rin. At si Jesus ay dumating, tumayo sa ilalim ng punongkahoy at tumingala, at sabi, “Zaqueo, bumabaka,” tinawag siya sa pangalan niya.

²¹⁴ Noong panahon na di pa nakakasalamuha ni Jesus sina Pedro, haya’t dinala siya ni Andres dun. Nung makita Niya ito na paparating, sabi, “Ang pangalan mo ay Simon. Ikaw ang anak ni Jonas,” sinabi sa kanya ang pangalan niya, sinabi sa kanya kung sino siya.

Sinabi rin kay Natanael ang kinaroonan niya noon, anong ginagawa niya noon.

²¹⁵ Maging’yung babae, at kung ano nga ang kalagayan na kinasasadlakan niya, kung ano ang suliranin niya, kung ano ang karamdaman niya.

²¹⁶ Ang Diyos’y an, mga kaibigan! Ilan ang nananampalataya riyang nang buong puso n’yo, sabihin, “Diyos nga’yun talaga?”

²¹⁷ Ilan po sa inyo rito ngayon ang alam nilang wala akong kahit anong bagay na nalalaman tungkol sa inyo, itaas n’yo po ang inyong kamay, sabihin n’yo po, “Alam ko na walang nalalaman ang lalaking ito tungkol sa akin, isa lang—isa lang siyang tao?” Ganoon nga ako, ako’y isang kapatid n’yo lang. Narito po ako na sinisikap kong tumulong sa inyo.

²¹⁸ Pero ipinapahayag ko! Ilan po ang nakabasa na ng aklat ko at ibang bagay? Kayo, alam n’yo, sumasampalataya ba kayo na’yun, ay Katotohanan? Ito na ang huling mga araw. At ngayon tulungan nawa tayo ng Panginoong Jesus.

²¹⁹ At kung paparito Siya ngayong gabi. . . At ni isa sa inyo ay huwag magpatayo-tayo. Manatili lang sa inyong kinauupuan kung saan kayo naroon, at manampalataya, at ang Panginoong Jesus ay paparito ngayong gabi at patotohanan itong mga bagay na ito na Kanyang sinabi, itong mga bagay na Kanyang ipinangako. Kung patotohanan Niya ang mga bagay na ito na Katotohanan talaga, kayo po ba’y sasampalataya na sa Kanya? [Sinabing kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Manampalataya!

²²⁰ Makalangit na Ama, ngayon po’y naipangusap ko na ang tungkol sa Iyo, kung ano Ka noon, kung ano Ka ngayon, kaya ngayon Ikaw lamang ay humakbang sa tagpo rito. At ang mga taong nakaupo sa dako rito sa mga nakikinig, mga ganap na di ko kakilala, magagawa Mo po bang ihayag ang Iyong Sarili sa amin sa gabing ito, Panginoon, na malaman namin at makilala na ang mga Kasulatang ito’y ipinangyari na, na “si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman”? Na kung kami’y nabubuhay na ngayon sa huling mga araw, gaya ng sinabi Niya na Kanyang ihahayag ang Kanyang Sarili sa huling mga araw, gaya ng ginawa Niya sa Sodoma bago dumating ang ipinangakong anak kay Abraham, buweno, ang maharlikang binhi ni Abraham na hinihintay ang maharlikang Anak, ang siya ring mga bagay na ito ay mangyayari. At kung mamasdan

maging 'yung mga lokasyon, panahon, mga pangalan, at lahat na ganap na nakalinya na, Ama. Iyo pong tulungan kami, 'yan ang dalangin namin, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

221 Ngayon hinihiling ko sa inyo na manalangin, ang bawat isa sa inyo. Anumang bagay na kamalian, inyo ngang idulog ito sa Kanya. Ngayon Siya ang Dakilang Saserdote.

222 Siyanga po pala, ilang mga ministro ang narito ngayon sa gusali, itaas n'yo po ang inyong mga kamay, saan man kayo? Sa palagay ko'y nasa tatlumpu o apatnapu. Ngayon ilan po sa inyo ang alam ito, na sa Aklat ng Mga Hebreo, sa Bagong Tipan, ang sabi riyan na ngayon "si Jesus Cristo ay Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan"? Maaari n'yo po bang itaas ang inyong mga kamay at sabihin, "Alam kong 'yan nga ang Katotohanan. Yan ang sinasabi ng Biblia"? Tama. Sige.

223 Ngayon kung Siya nga ang Dakilang Saserdote, Siya nga'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Na haya't kung hihipuin n'yo Siya ngayong gabi, kikilos Siya gaya ng ikinilos Niya noon. Tama po ba? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Gaya nga ng ikinilos niya noon!

224 Buweno, nung hipuin nung babaing ito ang Kanyang damit. Sasabihin n'yo, "Oh, kung magagawa ko lang sana!" Yung pananampalataya n'yo po ang hihipo. Yung pisikal, hindi Niya mararamdaman. Yung pananampalataya po nung babae, ang humipo sa damit. Yang pananampalataya n'yo nga'y mahihipo Siya ngayon. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan?

225 Kaya naman kung ang Salita ng Diyos ay nahayag, ihahayag Niya ang siya ring bagay at ipapakita ang siya ring bagay. Inyo bang sinasampalatayanan 'yan nang buong puso n'yo? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige, ngayon inyo lamang Siyang pagkatiwalaan, sampalatayanan n'yo Siya. Huwag kayong mag-alinlangan. Bagkus manampalataya kayo sa Diyos, na Kanya nga itong gagawin. Sa inyo po sa gawi *rito*, kayo po'y manalangin lamang at manampalataya lamang nang buong puso n'yo, at ganoon din sa mga narito sa gawi *rito*. At kung ipangyayari ng Diyos sa isa o dalawang tao na malaman ito, na hindi ito nabibigo, ilan sa inyo ang sasampalataya kung ganoon na napagkikilanlan na natin ang Kanyang Presensya? ["Amen."] Kung ganoon 'yun na lamang ang natitirang bagay na dapat nating gawin. Yun na lamang ang natitirang bagay na dapat nating gawin.

226 Binibini na nakaupo riyan, nakatingin sa akin, dumadanas ng sakit sa puso. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang puso na 'yan, paiigihin ang kalagayan mo? May sakit ka sa puso. Kung totoo 'yun, itaas mo ang iyong kamay. Ako ba'y estranghero sa iyo, na di kita kakilala? Pero totoo 'yun, sige, ikaw po, binibini, ubaning babae na nakaupo riyan. Sige.

227 Binibini naman na naka-berde, itinaas mo ang kamay mo riyon, ikaw—ikaw. . . Ang sakit mo'y arthritis. Nananampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos, sa arthritis? Kung totoo, itaas mo ang iyong kamay. Kita n'yo? Sige. Kita n'yo? Mangyaring nung itaas. . . Ngayon may kung anong Bagay nga na lumukob sa iyo, hindi po ba? Kita n'yo, 'yung Liwanag na 'yun. Ilan po rito ang nakakita na sa litrato nung Liwanag na 'yun? Hayan nga Itong nakalutang, sa ibabaw mismo nung babae. Bigla ka na lang nilukuban ng tunay na banayad na pakiramdam. Yun nga ang nangyari, kita n'yo. Pinagpala ka ng Diyos, pinagaling ka, pinaigi ang lagay mo. Sumasampalataya ka ba rito?

228 Sumasampalataya ka ba na nababatid Niya ang suliranin sa iyo? Siya lamang ang may kakayahang magpagaling sa iyo. Isa itong maitim na anino, epilepsy. Kung tama, itaas mo ang iyong kamay, kabataang binibini. Nag-iba ang iniisip mo kaysa sa iniisip mo kanina, hindi ba? Nakita mo ba nung huminto ako 'yung pagtawag na 'yun, ay kumilos 'yun? Para nga 'yun dun, para sa iyo. Ngayon kung makasampalataya ka lamang ng buong puso mo, ang mga sumpung na 'yan ay lilisan sa iyo. Iyo ba itong tatanggapin at sasampalatayanan nang buong puso mo? Pagpalain ka ng Diyos. Humayo ka't, sampalatayanan ito.

229 Dito naman sa binibining nakaupo rito, pinahihirapan siya ng sakit sa tiyan, sumasampalataya ka ba na paiigihin ng Diyos ang kalagayan mo? Ikaw nga na nandiyan sa dulo riyon, ikaw ba'y nananampalataya na pagagalingin ka ng Diyos, paiigihin ka sa sakit mong 'yan sa tiyan? Siyanga ba, tinatanggap mo? Sige. Pagpalain ka ng Diyos.

230 Ako'y ganap na estranghero sa babae, di ko siya kakilala. Isa lang siyang babaing nakaupo riyon, pero Diyos ang kumilos sa bagay na ito. Sumasampalataya na ba kayo nang buong puso n'yo ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige, manampalataya lamang kayo.

231 Binibining nakaupo rito sa bandang dulo, pinahihirapan ka ng sakit sa apdo. May bato sa apdo, atay, ginagambala ka nito. Kung totoo 'yun, itaas mo ang iyong kamay; ganap kitang di kakilala, tama nga. Kita n'yo?

232 Diyan naman sa binibining nakaupo sa tabi mo, siya'y pinahihirapan, din. Nakikita n'yo ba Ito, di n'yo ba nakikita ang Liwanag na 'yun na nasa ibabaw nung babae? Ang babae'y may sakit sa bato. Tama. May uremic poisoning siya sa bato niya. Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Yang binibini naman na napahawak sa iyo ngayon, siya'y pinahihirapan ng—ng sakit na nerbiyos. Kayong dalawa'y di ko kakilala, hindi kayo taga-rito. Tama 'yun, hindi po ba? Kayo'y mga taga-Iowa. Galing kayo sa siyudad ng Des Moines. Tama, hindi po ba? Ikaw ba'y nananampalataya na magagawang sabihin sa akin ng Diyos ang iyong pangalan, gaya nung ginawa Niya noon kay Pedro? Kung


makasampalataya ka lang nang buong puso mo! Ang pangalan mo ay Gng. Wolff. Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Sige, bumalik kayong magaling na ngayon, pinagaling na kayo ni Jesus Cristo.

²³³ Inyo na po bang napagkikilala ang Kanyang Presensya, na nalalaman n'yong Siya'y narito mismo? Kung ganoon maaari n'yo bang ipatong ang inyong mga kamay sa isa't isa ngayon, habang ang Espiritu Santo'y sumasa inyo. Espiritu Santo 'yan na nasa inyo. Ngayon ang bawat isa sa inyo ay maaari ngang mapagaling mismo ngayon kung sasampalataya lamang kayo rito. Sinasampalatayanan n'yo na ba ito nang buong puso n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²³⁴ Makalangit na Ama, wala na ngang bagay na natitira pa kundi pananampalataya. Amin ngayong tinataboy ang lahat ng kadiliman. Sa isa ngang rebaybal, gaya ng nabanggit ko nung simula, ang alon ay dumarating na 'yung tubig ay kumikilos-kilos nang taas-baba, para—para—para anurin ang lahat ng di pagsampalataya palabas; ngayon habang ang Espiritu Santo ay umaalon nang pabalik-balik sa mga taong narito, nawa'y ang lahat ng di pagsampalataya'y anurin nang palayo, at nawa ang kapangyarihan ng Diyos na higit na Makapangyarihan sa lahat ay palayain na ang bawat nagdadalamhati sa gabing ito.

²³⁵ Sinasaway ko ang diyablo. Satanas, isa ka lamang panakot at wala nang iba, at ika'y nabunyag na mismo rito sa mga tao, sa pamamagitan ng nakabatay sa Kasulatang mga patunay ng buhay at nagbangong muling Jesus. Inuutusan kita, sa pamamagitan ng buhay na Diyos, na lumayas ka sa mga taong ito at lisanin sila, sa ikaluluwalhati ng Diyos.

²³⁶ Lahat ng nakatanggap ng kanilang kagalingan, tumayo po kayo ngayon at sabihin n'yo, "Sumasampalataya akong tunay. Anuman ang mangyari, gaano mang katagal ang gugulin, ako'y nakatitiyak na talagang gagaling at gagaling ako. Tinatanggap ko ito, nang buong puso ko."

²³⁷ Itaas n'yo ang inyong mga kamay ngayon. "Salamat sa Iyo, Panginoon." Papurihan n'yo ang Panginoon. Sige tama 'yan, purihin n'yo Siya. Ngayon itaas n'yo lamang ang inyong mga kamay at purihin Siya para sa inyong kagalingan, kagaya ng ginagawa n'yo sa inyong simbahan. Kapatid. . . 

ANG PRESENSYA NG DIYOS NA DI-NAKIKILALA TAG64-0618
(The Presence Of God Unrecognized)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Hunyo 18, 1964 sa Municipal Auditorium sa Topeka, Kansas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org